


Tomo XXXVIII Blg.2

Agosto-Septyembre 2013

Matanglawin

Opisyal na Pahayagang Pangmag-aaral ng Pamantasang Ateneo de Manila

Pahayag ng Matanglawin Hinggil sa Pagkahuli ng Labas ng mga Magasin

Ang kasalukuyang sirkulasyon ng Matanglawin ay isang beses kada dalawang buwan. Lumalabas na sa isang taong pang-akademiko, naglalathala ang publikasyon ng limang isyu, labas pa rito ang Tanganglawin na isang taunang lampoon. Nakadisenyo ang daloy ng produksyon ng pahayagan sa paraan na nakatakda ang paglabas ng bawat isyu sa huling linggo ng ikalawang buwan: May bagong isyu tuwing Hulyo, Setyembre, Nobyembre, Enero at Marso.

Sa makatuwid, nakapaglabas na dapat ang publikasyon ng hindi bababa sa dalawang isyu sa nagdaang unang semestre. Ngunit dahil sa mga hindi inaasahang problema at isyu sa pagitan ng administrasyon at ng publikasyon sa pagproseso ng nakatakdang badyet para sa taon, hindi ito nangyari sa nakatakdang panahon.

Habang naghihintay na maresolba ang problema, sinikap ng Matanglawin na matapos pa rin ang mga isyu at makapaglabas ng magasin, kung kaya'y sinunod pa rin ang daloy ng produksyon. Nailabas ang Hunyo-Hulyo na isyu online, sa website ng Matanglawin.

Pagkatapos ang limang buwang paghihintay, nitong Nobyembre lamang, naibigay na ang badyet at napirmahan na ang kontrata para sa pag-imprenta ng mga isyu para sa taon. Magkakaroon ng pisikal na kopya ang nauna nang nailabas na isyu online, pati na rin ang susunod pang apat.

Naniniwala ang Matanglawin sa kakayahan ng mga kasapi nito, na sumali upang makapagsulat, upang tupdin ang layunin ng publikasyon na makapagbigay ng boses sa mga marhinalisado. Bilang publikasyon-organisasyon, utang namin ang pisikal na kopyang ito sa mga miyembrong nagbuhos ng panahon at trabaho upang mabuo ito. Hindi hahayaan ng pamunuan na basta-basta na lamang isantabi ang laya namin na makapaglabas ng isyu dahil lamang sa hindi maibigay na badyet. "Ang nagpapatakbo sa isang pahayagan ay ang panulat, wala nang iba."

Naniniwala ang Matanglawin sa malayang pamamahayag. Karapatan ng bawat Atenista na malaman kung saan napupunta ang binabayad nilang Publications Fee kada semestre na Php241.60 (na pinaghahatian pa ng iba't ibang publikasyon sa Loyola Schools), at karapatan nila ang makatanggap ng pisikal na magasin dahil binabayaran nila ito. Karapatan rin ng bawat Atenista na mamulat sa masalimuot na realidad ng mga nasa laylayan – iyong marhinalisado, upang sila mismo'y hindi maging bahagi ng sistemang mapang-api at nangmamarhinalisa.

Nagpapasalamat naman ang pamunuan sa mga mambabasa nito, na patuloy lamang ang pagtangkilik sa Matanglawin, sa pisikal na magasin man o sa mga artikulo nito sa web. Sa aming moderator, mga tagapayo, at mga alumni, lubos rin ang pasasalamat namin sa suportang ibinigay ninyo, sa kabila ng lahat.

Patuloy lamang ang Matanglawin sa pagsulat at pagmulat.

Patnugutan ng Matanglawin

MARIA EMANUELLE TAGUDIÑA
AB COM '14
Punong Patnugot

MA. ELIZA GAIL D. SALLAO
BS BIO '14
Katuwang na Patnugot

EXEQUIEL FRANCESCO C. SALCEDO
AB POS-MPM '14
Nangangasiwang Patnugot

DENIVEE C. NOBLE
BFA ID '15
Patnugot ng Sulatin at Saliksikan

DYAN C. FRANCISCO
BFA ID '16
Patnugot ng Sining

BENJHOE C. EMPEDRADO
BS LfSci '14
Patnugot ng Lapatan

JENNICKA RHEA N. LEORAG
BS ME '15
Patnugot ng Web-Nilalaman

NATASSIA MARIE N. AUSTRIA
AB POS '14
Tagapamahala ng mga Proyekto at Pangyayari

LOUISE NICOLE N. COMBATE
BS LfSci '15
Tagapamahala ng Pandayan

NOEL L. CLEMENTE
BSM AMF '14
Ingat-yaman

PRISTINE ALTHEA DE LEON
AB COM '14
Pangkalahatang Kalihim

Sulatin
Katuwang na Patnugot: Maj Delfin, Allison Lagarde, Ray Santiago
Xavier Alvaran, JR Ang, Shannon Azares
Clinton Balbontin, Pao Banadera, John Jeoffrey Bantayan
Arvin Castelo, Alex Dungca, Marc Duque,
Abegail Esteban, Jerome Flores, Geneve Guyano
Gretchiela Gabral, Jonnel Inojosa, Alyssa Leong, Raphael Limiac
Francis Manuel, Leslie Mendoza
Wel Mendoza, KD Montenegro, JC Peralta
Reizle Platitas, Kevin Solis, Fe Trampe
Andrea Tubig, Erson Villangca, Clarisse Zaplan

Sining
Katuwang na Patnugot: Jeffrey Agustin, Khalil Redoble
Joann Abarrientos, Marie Aquino, Gett Baladad, Precious Baltazar
Juella Bautista, Arielle Bonifacio, Madelaine Calanta
Ingrid Espinosa, Chelsea Galvez, Iza Jonota
Trisha Katipunan, Camille Luber, Deo Macahig
Ciary Manhit, Leo Marcelo, Mau Naguit
Kimberly Ong Pe-Aguirre, Joe Pulma
Dion Januel Ramaboa, Aika Rey
Loree Reyes, Jeruscha Villanueva
Carissa Yap, Marj Zulueta

Lapatan
Katuwang na Patnugot: Melvin Macapinlac
Jared Abubo, Athena Batanes, Jami Cudala, Jeah Dominguez
Bianca Espinosa, Bambi San Pedro, Vochelle Sia, Marcel Villanueva

Web
Katuwang na Patnugot: Toph Doncillo
Malik Bernardo, Donald Bertulfo, Jami Cudala, Justin Peña

Pandayan
Katuwang na Patnugot: Rizza de Jesus, Mox Erni, Joanne Manalo
Zenas Harvey Apal, Alecsandra Chu, Maynard Chua,
Dominic Enriquez, Geofrey Jorge, Nansei Kawamoto
Jessica Lim, David Magbanua, JP Murao
Bianca Paraiso, Eana Puspos, Chin-Chin Santiago
Eunice Patricia Santos, Shasta Tiro, Jomar Villanueva

Pananalastas
Alfons Joson, Reese Villote

LUPON NG TAGAPAYO

Chay Florentino-Hofilena
Kagawaran ng Komunikasyon

Mark Benedict Lim
Kagawaran ng Filipino

Dr. Agustin Martin Rodriguez
Kagawaran ng Pilosopiya

Dr. Benjamin Tolosa
Kagawaran ng Agham-Politikal
Tagapamagitan

Lech Velasco
Programa ng Sining

IN MEDIAS RES

May ngalan ang bawat pagtatangkang sukatin ang anumang bagay. Gaano kahaba ang mula rito hanggang doon? Gaano katagal bago magsimulang matapos na ang lahat? Gaano kalayo bago marating ang pupuntahan? O sa mas malalim pang daloy ng pagtatanong: Ano ang sukatan mo bilang pinuno ng isang bayang naghihikahos? May ngalan ang distansya at panahon mula sa Punto A at Punto B—may sukatan, dahil may nakatakdang isukat.


Nagsisimula lagi sa isang Punto A: ang pundasyon at pinagmumulan ng lahat ng hakbang palayo. Sa puntong ito nagsisimula ang mga pagpaplano, pagtatakda ng patayguhit, pagtimbang kung ano ang pinakakailangang tutukan. Para sa administrasyong ito, nagsimula ang lahat sa marka ng unang dekada ng milenyo, noong 2010: Noon itinakda ang isang repormistang asta, noon nagsimula ang pagbitaw ng matatamis na pangako, noon nagsimula muli tayong umasa na ang lideratong ito ang mag-aahon sa atin mula sa pagkakasadlak.

Ang Punto B naman ang landas pauwi, ang liwanag sa dulo ng lagusan, ang destinasyon, ang katuparan at kaganapan ng lahat ng sinimulan. Masusukat mo ang tagumpay ng pagtahak sa landas mula sa dalawang punto kung nairaos mo hanggang sa katapusan. Para sa administrasyong ito, anim na taon ng pagtatrabaho para sa mga Boss, para sa isang Tuwid na Daan.

At sa gitna ng lahat, in medias res, nangyayari ang isang impasse—isang paghinto, paglingat sandali sa paligid upang makita ang naririyan (o ang wala na), isang pagbabalik-tanaw at isang paghangad ng mas mabuting hinaharap.

Nasa pagitan tayo ngayon ng dalawang panahon: ng kahapon at ng bukas. Sa pamamagitan natin, nagkakaroon ng konteksto ang nakalipas at may nabubuong porma ng kinabukasan. Naririto tayo ngayon bilang mga saksi sa kung ano ang nagawa na at hindi pa, sa kung ano ang napunan na at nananatiling wala.

Tayo ang susukat at tayo rin ang sukatan. Dahil nga, "sa pamamagitan natin," nagiging bahagi tayo ng solusyon.



TUNGKOL SA PABALAT

sining ni Trisha Katipunan

Sa pagpatak ng ikatlong termino ni Pangulong Aquino, ipinangako niya ang isang daang matuwid na siyang babangon sa Pilipinas mula sa nagdaang mga administrasyon. Ano na nga ba ang lagay ng Pilipinas ngayon? Sa kasalukuyan: pag abolish ng pork barrel, pagungkat ng mga corrupt na opisyales, debate ng RH bill, APECO, Bangsamoro, at ang sumisiklab ng kaguluhan sa Zamboanga. Tatlong taon mula ng pangako ni P-Noy sa kanyang mga "Boss" ng serbisyo, nasa daang matuwid ba tumatahak ang Pilipinsa ngayon?

TANAWIN AT TUNGUHIN NG MATANGLAWIN



TANAWIN NG MATANGLAWIN

Mapanghamon ang ating panahon.

Kailangan ang mga matang nangangahas tumitig at magsuri sa paligid. Kailangan ang isang tanglaw ng katotohanan sa gitna ng dilim na laganap na pambubulag at pagbubulag-bulagan. Kailangan ang mga kuko ng lawing daragit sa mga dagang ngumangatngat sa yaman ng bansa at ahas na lumilingkis sa dangal at karapatan ng mga maralita. Kaya't ang Matanglawin ay bumabangon upang tumugon.

Tumutugon ang Matanglawin, una, bilang pahayagan ng malaya at mapagpalayang pagpapalitan ng kuro-kuro tungkol sa mahahalagang usaping pampaaralan at panlipunan; at ikalawa, bilang isang kapatiran ng mga mag-aaral na may malalim na pananagutan sa Diyos at sa Kaniyang bayan.

Ang Matanglawin ay hindi nagsisimula sa wala. Saksi ito sa nakatanim nang binhi ng pagtataya at pagkilos ng ilang Atenista. Subalit hindi rin ito nagtatapos sa simula. Hangad nitong diligin at payabungin ang dati nang supling, at maghasik pa ng gayong diwa sa higit na maraming mag-aaral. Hangad din nitong ikalat ang gayong diwa sa iba pang mga manghahasik ng diwa at sa iba pang mga pamayanang kinasasangkutan ng mga Atenistang kumikilos palabas ng kampus.

TUNGUHIN NG MATANGLAWIN

Sa adhikaing ito, isinasabalikat ng Matanglawin ang mga sumusunod na sandigang simulain:

1. MAGING matapat at matapang sa paghahanap at paglalahad ng katotohanan—katotohanan lalo na ng mga walang tinig.

2. BIGYANG-DAAN ang malaya, mapanuri, at malikhaing pagtatalakayan—kabilang na ang kritisismo—ng mga mag-aaral hinggil sa mga usaping pangkampus at panlipunan.

3. HUBUGIN ang mga kasapi sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa mga tao lalo na sa mga anakpawis, pandayin sila sa masinop na pananaliksik at pagpapahayag, at hasain sa malalim na pagninilay upang maging mabisang tagapagpairal ng pagbabago ng mga di-makatarungang balangkas ng lipunan.

4. TUMAYO bilang isang aktibong kinatawan ng Pamantasan para sa ibang paaralan at sektor ng lipunan.

5. ITAGUYOD ang diwa at damdaming makabansa lalo na sa pagpapalaganap at pagpapayaman ng sariling wika.

6. PAIGTINGIN ang kamalayang pampolitika sa Ateneo sa paraang mapayapa subalit mapaghamon, may kiling sa mga dukha bagaman walang isang ideolohiyang ibinabandila.

7. IBATAY ang lahat ng gawain sa papasulong na pananaw ng pananampalatayang Kristiyano na sumasamba sa Diyos na gumagalaw sa kasaysayan, kumakampi sa katotohanan, at may pag-ibig na napapatupad ng katarungan.

Ang Matanglawin ang opisyal na pahayagang pangmag-aaral ng Pamantasang Ateneo de Manila.

Pagmamay-ari ng mga lumikha ang lahat ng nilalaman ng pahayagang ito. Pinahihintulutan ang lahat sa pagsipi ng nilalaman basta hindi nito sinasaklaw ang buong akda at may karampatang pagkilala sa mga lumikha. Bukas ang Matanglawin sa lahat (Atenista man o hindi) sa pakikipag-ugnayan: pagbibigay o pagsasaliksik ng impormasyon, pagtatalakay ng mga isyu, o pagpapaalam ng mga puna at mungkahi ukol sa pahayagan at nilalaman nito. Sa lahat ng interesado, mangyari lamang na tumawag sa 426-6001 lokal 5449 o sumulat sa patnugutan ng Matanglawin, Silid-Publikasyon (Blg. 201–202), Manuel V. Pangilinan Center for Student Leadership, Mga Paaralang Loyola, Pamantasang Ateneo de Manila, Katipunan Avenue, Loyola Heights, Lungsod Quezon 1108. Maaari ding bumisita sa www.matanglawin.net o magpadala ng email sa matanglawin.ateneo@gmail.com

Kasapi ang Matanglawin ng Kalipunan ng mga Publikasyon (COP) ng Pamantasang Ateneo de Manila at ng Kalipunan ng Pahayagang Pangkolehiyo sa Filipinas (CEGP).

TALAAN NG NILALAMAN
TOMO 38, BLG. 2
2013-2014

8 Good Governance: Nakikita nga ba natin?
Sa platapormang nakaangkla sa good governance at transparency, kamusta na ang mga repormang ipinapatupad ng administrasyong Aquino?

11 Ekonomiya: EkonoMindanao
Estado ng ekonomiya sa Mindanao at pagdating ng Bangsamoro Framework Agreement

14 Sektoral: Tinging Pahapyaw sa mga Sektor
Bigyang pansin: mga sektor na nakaligtaan sa SONA ni PNoy

16 De Numero: Overseas Filipino Workers
Lagay at ang halaga ng mga tinaguriang "bagong bayani" sa administrasyong Aquino

17 Social Welfare: Naitatawid nga ba ng Pantawid?
Tunay bang nakatutulong ang Pantawid Pamilyang Pilipino Program at Conditional Cash Transfer sa mahihirap nating kababayan?

20 Talim ng Balintataw: Rebolusyon
Kuha ni Gett Baladad, titik ni Ray John Santiago

22 Agrikultura: Mekaya ba sa Mekanisasyon?
May lugar nga ba sa larangan ng agrikultura at pangigisda ang modernisasyon?

25 Justice System: Pagpapanagot sa 'Pinas
Ano na ang nangyari sa pagpapanagot sa mga nagkasala sa bayan?

27 Kalusugan: Nasaan ang Pilipino sa PhilHealth?
Bukas ba para sa lahat ang mga benepisyo ng PhilHealth?

30 De Numero: PhilHealth
Proseso sa pagkuha ng iyong sariling PhilHealth card

31 Edukasyon: Ang Winiwika ng Sistema ng Edukasyon
Pagka-epektibo ng mga lokal na dayalekto sa mga silid-aralan

35 Kalikasan: Ang Likas na Pagbabago Tungo sa EcoTurismo
Pangangalaga ng kalikasan laban sa pamumuhunan ng iilan

38 De Numero: Project NOAH
Teknolohiya bilang kaagapay laban sa natural na kalamidad

39 Bagwis
Sining ni Bianca Espinosa, Titik ni Alexander Dungca
Jonnel Inojosa, Noel Clemente

Daya at Laya

EMANSIPASYON
IMAN TAGUDINA
iman.tagudina@gmail.com



"Ano ang karanasan mo ng pandaraya?"

Tinanong ito ni Fr Albert Alejo SJ sa kanyang mambabasa, sa isa sa mga artikulong naisulat niya tungkol sa kultura ng daya at korupsyon sa lipunan. Tumatak sa akin 'yon dahil doon ko natanto na nagsisimula ang lahat ng inhustisya sa simpleng diskarte, sa walang habas na panlalamang at pandaraya.

Sa maugong na isyu ng PDAF sa mga nakalipas na buwan, sinasabi natin na isa lamang si Janet Napoles sa maraming tiwaling mamamayanan sa lipunan, marami pa silang walang hiyang nandaraya. Mapapatanong ka, paano nakatutulog ng mahimbing sa gabi ang mga mandaraya?

Sa tatlong taon ko sa Mata, maraming kuwento na ng kawalang-katarungan at kawalang hiyaan ang dininig at sinulat na namin. Sumulat na kami tungkol sa mga biktima ng hindi makatarungang proseso ng demolisyon sa maraming lungsod ng Maynila; tungkol sa karapatan ng kababaihan at kabataan; tungkol sa mga grupo o indibidwal na nagsusulong ng kani-kaniyang laban nang maiwaksi ang pambababoy na nagiging normalidad na sa lipunan. Marami pang maliliit na boses ang hindi nadirinig dahil sa mas malalakas na sigaw ng mas malalaking isyu ng labas, at ito ang sinusubukan pa naming hanapin, dinggin.

'Yon naman talaga ang tindig namin mula pa noon, at ganito na rin ang personal na asta ko sa buhay: Para sa marhinalisado, para sa mga nasa laylayan. Ito kami, sinusubukang maging mapagpalaya: laya mula sa kahirapan, mula sa inhustisya, mula sa pandaraya.

Para sagutin ang tanong na ipineresenta ni Paring Bert: Kamakailan lang, nagkaroon ako ng karanasan sa isang hindi patas na sistema. Ang resulta, hindi mo kami hawak. Hinubog ako bilang mamamahayag na mulat, isang mamamahayag na may matinding paniniwala sa karapatan ng bawat pahayagan ang malayang pamamahayag. "Pinaglalaruan tayo, p're. Hindi na yata tama 'to. Ipaglalaban ko ang karapatan ko."

Hindi ko masasabi na nasa parehong nibel ng pandaraya na nagaganap sa lipunan ngayon — wala pa ito sa kalinkingan ng isyu ng PDAF, o ng mga pagnanakaw ng pera mula sa kaban ng bayan. Wala pa ang pagkasiphayong ito kung ikukumpara mo sa naramdaman ng taumbayan nang malaman nila na ang buwis na binabayaran nila, ginamit lang pambili ng mga luho ng isang makasariling tao. Ngunit naiintindihan ko ang galit ng mga tao, kung saan ito galing; naiintindihan ko, kahit kaunti, ang pagkamuhi na mayroon ang bawat Pilipino para sa mga mandaraya: "Pinaglalaruan tayo, p're. Hindi na yata tama 'to. Ipaglalaban ko ang karapatan ko."

Naninindigan ako sa kabila ng pagkapaso na ng isyu, dahil sa pagkakataong ito, kami ang nawalan ng boses, kami ang nadaya, kami ang binalewala dahil sa mas malalakas na sigaw at hiyaw ng mas malalaking isyu. Sinasadya man o hindi, napaso na man ang isyu, naniniwala ako na nirerespeto dapat ang karapatan ng bawat publikasyon sa malayang pamamahayag. Ang nagpapatakbo sa isang pahayagan ay ang panulat--hindi pera o pagmamanipula.

Personal man o panlipunang krisis, maaaring matabunan ang mga isyung ito ng iba pang "mas mahahalaga" at "mas malalaki"/"mas maiingay" na mga isyu. Ngunit hindi dapat mapanatag ang mga naging biktima ng abuso: Patuloy lang ang pagbalikwas at pagtindig para sa katarungan at katotohanan. May kalayaang naghihintay sa pagtatapos ng pandaraya.

Layunin ng Diskurso at Pagpuna

PALAISIPAN NG PALA-ISIP
DEN NOBLE
den.noble@gmail.com



"Noynoying"—Isang katagang nauso noong unang taon ng termino ni Pangulong Noynoy Aquino, na tumutukoy sa kakulangan sa pagkilos ng pinuno kahit pa lagi niyang hinihikayat ang mga Filipino na pagsikapan ang tuwid na daan. Sa madaling sabi, puro salita, wala namang gawa. Angkop nga kaya ang bansag na "Noynoying" para sa nagdaang tatlong taon ng pamamalakad ng pangulo?

Umani ng parehong papuri at batikos ang administrasyon sa unang tatlong taon nito. Papuri dahil nakaupo ang isang pangulong naglalayong maging tuwid ang sambayanan, at ang pagiging huwaran at maprinsipyong lider ng Pangulo ay tila nagbunga naman. Ayon pa umano sa kanya, dahil sa tuwid na pamamalakad, nagiging tuwid rin ang pag-angat ng bayan sa aspektong pang-ekonomiya at panlipunan. Ngunit umaani rin siya ng batikos dahil habang maraming magagandang salita ang naririnig ukol sa kasalukuyang administrasyon, hindi maipagkakailang ganoon din karami ang pagkukulang nito. Ang mga maiingay na isyung hindi nagawan ng paraan ni PNoy tulad ng pamamaril sa mangingisdang Taiwanese ng Philippine Coast Guard at pagkasira ng Tubbataha Reef dulot ng pagpapasabog ng mga Amerikano sa karagatan natin, hindi nakawala sa pagpuna ng mapagmasid na Filipino, lalo na ng kabataang Filipino kabilang na ang Atenista.

Sa isang pagkakataon, nanawagan ang Pangulo sa kabataan na sa halip na ibalandra ang mga puna nila sa pamahalaan sa mga social networking sites, mas makatutulong kung gugugulin nila ang oras sa pag-iisip at pagsasagawa ng mga kongkretong hakbang upang masolusyunan ang mga nakikita nilang suliranin. Dagdag pa ng Pangulo, walang magagawa ang pagrereklamo at pagpuna kung walang kaakibat na pagkilos.

May pinanghahawakang reputasyon ang Pamantasang Ateneo de Manila, at masasabing dinadala ng mga nagsipagtapos ang reputasyong ito saan man sila magpunta. Sa apat (o lima) na taon, tinuturuan tayong makialam, maging kritikal, maging tao para sa iba. Taglay rin natin ang kakayahang makinig at makipagdiskurso. Ngunit hanggang dito na lang ba? Sapat na ba ang ganitong nibel ng pakikialam, panghihikayat, pamumuna?

Sa dalas ba naman ng pagkomento ng kasalukuyang henerasyon, sa dami ng mga puna at kuro-kurong umiikot sa social networking sites ng isa't isa, may pagbabago bang nangyayari? May naisasakatuparan bang hakbang tungo sa tuwid na daan?

Ang ibig sabihin ba nito, tayong mga gumawa ng salitang noynoying ang siya rin mismong noynoying? Puro salita, kulang sa gawa. Sa tingin ko, hindi naman sa kapuwa walang nagawa o nagagawa ang administrasyon at ang kabataang kritiko nito. Parehong bata ang dalawa, at parehong sinisimulan pa lamang ang pagtahak ng landas tungo sa kaunlaran ng bayan. Hindi sapat ang animna taon para masagot ang lahat ng problema ng bansa. Marahil pareho ngang noynoying ang pumupuna at pinupuna, ngunit bilang kabataan, maaaring isipin na may magandang naidudulot ang pagpapalitan ng mga salita sa pagitan natin at ng administrasyon. Diskurso.

Pareho tayong natutulak na maging higit pa sa sabi-sabi lang, higit pa sa kung sino tayo base sa Facebook at Twitter natin. Marami-rami pang kailangang gawin upang maging tunay ngang matuwid ang daang tatahakin ng bawat Pilipino, bata man o matanda, mayaman man o mahirap. Maaaring hindi sapat ang ilang taon, ang kalahating termino, ngunit mahaba na ito para sa panimulang diskurso. Mabagal man ang proseso ng pagbabago, hindi dapat maging hadlang kabagalan sa pagpapatuloy nito.

Noynoying. Sana nga, tapos na ito, sana mga idea na sa paglutas ng problema ang pinaglalaanan natin ng ating panahon at enerhiya.

Hangganan ng Pagtataya

NAKAPAGPAPABAGABAG
DYAN FRANCISCO
dyan.francisco@gmail.com



Naniniwala ako na kalakip ng pagkakaroon ng matibay na paninidigan ang malalim na pagtangkilik sa isang malinaw at nauunawaang pinaninindigan. Bago humantong sa isang hatol na bunga ng ating "kritisismo", kinakailangang linawin muna natin saan nagmumula ang gayong kritisismo. Hindi katanggap-tanggap ang magpalutang-lutang lamang sa kawalan ng pagte-teorya. Hindi rin naman nararapat na basta na lamang tayong tumindig saan man tayo mapaapak. Kailangan nating alamin at siguraduhin, hindi lamang kung para saan, kundi saan tayo mismo nakatindig ngayon.

Isa itong pagtawag sa ating lahat upang lubusan nating matuklas ang kasalukuyang konteksto. Para sa mga nauna nang henerasyon, panahon ngayon ng pagkilos. Subalit para sa ating kabataan, panahon muna upang mag-isip. Hindi lamang pagpaplano ang pag-iisip, sapagkat nakatuon pa rin ito sa pagkilos para sa hinaharap. Natakatuon dapat ang pag-iisip sa ngayon, sa kung ano ang mayroon tayo, kalakip ang mga suliraning kasalukuyan nating kinakaharap. Hindi rin ito isang payak na pagtitimbang ng kapakinabangan at/o kasamaang maidudulot ng pagkilos natin. Kung gayon, patungkol pa rin ito sa magiging kondisyon natin, at hindi sa kondisyon natin ngayon.

Isa ba itong pagpapakitid ng pag-iisip? Isang pagpapaliit ng espasyong paggaganapan ng gayong pag-iisip? Hindi. Sa katunayan, isa itong pagpapalawig ng kahulugan nito. Isa itong pagtawag upang alamin muna natin, sa abot ng ating makakaya, ang dahilan at konteksto ng kasalukuyan nating kalalagayan, isang pagtawag na matutugunan lamang ng higit na pagkilala sa mga problema natin sa kasalukuyan.

Bilang halimbawa, bago tayo kumilos upang sugpuin ang "isang mapang-abusong sistema", alamin muna natin ang mga elementong patuloy na nagbibigay-buhay dito. Dapat nating unawain na tayo mismo ang dugo't laman ng kapitalismo. Kung wala ang pagkilalang ito, walang maidudulot na mabuti o kapaki-pakinabang ang alinmang anyo ng pakikibaka. Isa lamang itong kasinungalingan, hipokrisiya at kahihiyan sa ideolohiyang Marxista.
Hindi lamang simpleng propaganda ang kritisismo. Kakambal ng bawat kilos ang pag-asang tatalab ito, para sa anumang dahilan – pansarili man o panlipunang interes. Subalit bago ang pagkilos, naroroon muna dapat ang pag-iisip.
Isa pang paraan upang higit nating makilala ang kasalukuyang konteksto ay ang pakikisalamuha sa mga karaniwan at ordinaryong mamamayan. Hindi ito tumutukoy sa masa o sa higit na mababang estadong pang-ekonomiko, kundi isang nibel ng karanasan. Magkasangga ang karanasan at pag-iisip kung saan sa kawalan ng isa sa kanila, mawawalan ng katuturan ang natira.

Huwag rin sana tayong malito o mabulag sa pagkakaiba ng pagdanas at sa pagdama. Hindi katumbas ng pagdanas ng kahirapan ang minsang pagkasadsad at pagdama sa mga suliranin ng mga higit na nangangailangan nating mga kababayan. Gayundin, hindi ito sapat na dahilan upang ibigay natin sa ating mga sarili ang pagkilalang iginagawad sa mga pambansang bayani ng ating bansa, na tila tayo ang tagapagligtas ng sanlibutan mula sa pagkalugmok nito sa sariling kasalanan. Tayo man ang tinuturingang pag-asa ng kinabukasan, subalit hindi tayo ang pinakadakila sa lahat ng sumubok nang panibaguhin ang lipunan.

Mahalaga na maunaawan nating mabuti ang tunay na kahulugan ng pagtindig – ang mabigat na pagkatapak natin sa lupa. Hindi paninindigan ang kritisismong walang basehan at hindi lamang ang ating mga ideyal ang tanging basehan at tanging katotohanan. Isa itong tawag upang mag-isip at dumanas, kasama ang kapwa natin, upang lubusang malaman ang tunay nating kinakaharap sa kasalukuyan.

TUPANG INA!





Itaguyod da Pinas!
Yes yes yo boss!
Kill da oinking pork!
Kumontra, lagot!
Huda da thief?!
Only in da Pinas!
Bagong everything!



Ligwak es de kurap!
Push da K to 12!
Aprub da RH Bill!
Gorabels sa divorce!
Bawal manamantala!
Humanda kayo sakin!
Para sa Inang Bayan!






FOI
PDAF
ANG KAHINAAN NG ADMINISTRASYONG AQUINO AY
NASA 'FRAMEWORK' MISMO NG MGA REPORMA.
HINDI SUSTAINABLE ANG REFORMS NI P-NOY.
[SA PANAHONG WALA NA SIYA SA PWESTO],
PWEDENG ALISIN ANG REFORMS.
DEAN TONY LA VINA
ATENEO SCHOOL OF GOVERNMENT

NAKIKITA NGA BA NATIN?

Pagkilatis sa katuparan ng binitawang pangako ng transparency at good governance sa ilalim ng administrasyong Aquino

ni Ray John Paul A. Santiago; may ulat nina Ali Legarde at Fe Trampe;
sining ni Khalil Redoble at Ciary Manhit; kuha ni Khalil Redoble; lapat ni Jeah Dominguez

"The results are obvious: Revitalized institutions, confidence in what was once a struggling economy, and greater opportunities opening up for the Filipino people." Iyan ang huling mga linyang nagtapos sa panimulang bahagi ng pahina ng Good Governance mula sa Official Gazette, ngunit ano nga ba ang tunay na lagay ng good governance at transparency ng bansa? Bukas at malinaw na nga ba sa taong bayan ang mga transaksyon sa loob ng gobyerno?

GOOD GOVERNANCE

Sa ilalim ng pamamalakad ni Aquino, nahahati sa dalawang bahagi ang mga proyekto para sa good governance o mabuting pamamahala: ang Public Accountability at Fiscal Management.

Sa ilalim ng Public Accountability, nakasaad ang mga batas para sa pagtataguyod ng mapagkakatiwalaang institusyon sa ilalim ng gobyerno, pagpasa ng batas na lumalaban sa katiwalian at tumutulong sa pagpaparusa at pagtugis sa mga kawani at opisyal na hindi tapat sa bayan.

Ang Fiscal Management naman ang nag-aayos ng distribusyon ng salapi sa loob at labas ng mga bansa at sa mga kagawaran at ahensya ng pamahalaan. Nakasaad din dito ang mga nakaraang paghahati at distribusyon ng pondo ng bayan at ang naging gastos ng pamahalaan.

Isa sa mga batas na naipasa sa ilalim ng adyendang ito ng pamahalaan ang RA 10168 o ang Terrorist Financing Suspension Act of 2012, na binibigyang depinisyon ang terminong "terrorist financing" at inilahad ang mga kaukulang parusa sa kung sino man ang lumabag dito. Isa rin ang RA 10365, na naglalahad naman ng pagpapatibay ng R.A No. 9160 o ang Anti-money Laundering act of 2001. Sa batas republikang ito dinagdagan ang bilang ng mga naitakda nang institusyon at transaksyong sakop ng RA 9160.

Sa GOCC Governance Act of 2011, itinatag ang Govermance Commission for GOCCs (GCG) upang matutukan ang mga gawain ng Goverment Owned or Controlled Corporations (GOCCs) at magkaroon ng mas epektibo, tapat, at malinaw na pamunuan ang mga ito.

Ang Ex Parte Application of Court Order naman o RA 10167 ay nagbibigay ng mas malakas na kapangyarihan at pangil sa Anti-Money Laundering Council (AMLC). Mayroong karapatan ang konseho na imbestigahan ang sinumang napaghihinalaan na lumalabag sa Anti-Money Laundering Act kahit wala abiso sa pinaghihinalaan basta pinayagan ng korte. Matatandaang ang batas na ito ang siyang ginamit ni Ombudsman Conchita Carpio-Morales sa kanyang imbestigasyon sa noo'y Punong Mahistrado Renato Corona Jr., sa kasagsagan ng kanyang impeachment trial noong Mayo 2012.

Mayroon ding tinaguriang "bottom up budgeting (BUB)" na ipinaliwanag sa isang press release ng kalihim ng Department of Budget and Management na si Florencio Abad ang sistemang ito. "Dati, ang General Appropriations Act (GAA) ay isinasakatuparan mula sa taas patungo sa baba, kung saan ang mga pinuno ng estado at mga opisyales lamang ang maaaring magpasya kung saan pupunta ang pondo ng bayan. Ngayon (sa tulong ng BUB), ang pondo para sa taong 2013 ay magiging 'people-centric', nakaumang 'di lamang sa maayos na pagbabahagi ng pondo kundi pati na rin sa paglaban sa kahirapan,*" aniya.

Ayon kay Tony La Viña, dekano ng School of Government ng Pamantasang Ateneo de Manila, ang pagkakaroon ng ganitong sistema ay pagkakaroon din ng mata at boses ng taumbayan sa lagay ng distribusyon on pondo ng bayan dahil manggaling umano mula sa ibaba ang desisyon. Sa tulong din daw ng BUB magkakaroon ng mas malinaw na imahen ang administrasyon sa totoong kalagayan ng mga taong bayan.

Sa tulong naman ng modernong teknolohiya at internet, bumuo ang pamahalaan ng mga website para sa iba't ibang ahensya ng gobyerno, upang magkaroon ng mas madali at agarang kakayanan ang mga mamamayang malaman ang mga pangyayari ukol sa pondo ng bayan. Inaasahang mayroong 'website' ang mga ahensya ng pamahalaan kung saan nakasaad ang mga proyekto, gastusin, at mga kasalukuyang pangyayari na kinasasangkutan ng nasabing ahensya. Kaakibat na rin nito ang pagpapakalat ng impormasyon ukol sa paghahati-hati ng pondo ng bayan sa ilalim

ng Department of Budget and Management.

KAHINAAN AT PAGKUKULANG

Ilan lamang ito sa mga mahahalagang proyekto at mga batas na naipatupad ng administrasyong Aquino sa larangan ng mabuting pamamahala, na siyang nagsisilbing kalakasan ng kasalukuyang administrasyon. Ngunit sa harap ng mga umiiral na problema sa bansa, hindi pa rin maikakailang marami pang mga anomalya ang nagpapatuloy.

Ayon kina La Viña, samantalang hindi naman bagsak o mahina, mayroong pa ring kakulangan ang administrasyong Aquino kung pag-uusapan ang isyu ng transparency. "Minsan matino iyong nasa itaas pero iyong mga nasa ibaba naman, tiwali." Dagdag pa niya, madalas na nagaganap lamang ang mga imbestigasyon o nalalaman lamang ang anumalya sa tinatawag nilang 'post-audit'. "Kadalasan, hindi na nababawi iyong pera kasi wala na iyong opisyal [sa pwesto]."

Ganito rin ang pananaw ni Rene Raymond Rañeses, guro ng Kagawaran ng Agham Pampolitika ng Pamantasang Ateneo de Manila. "May tiwala naman sa top leadership," aniya. "The problem is how you pass that on sa lower ranks." Hindi limitado ang paggalaw ng isang institusyon sa pinuno lamang. Malaki ang bahagi ng mga 'lower-ranking officials' sa pagbibigay ng mas magandang serbisyo sa taong bayan.

Dagdag pa ni La Viña, ang kahinaan ng administrasyong Aquino ay nasa 'framework' mismo ng mga reporma ni Aquino. "Hindi sustainable ang reforms ni P-Noy. [Sa panahong wala na siya sa pwesto], pwedeng alisin ang reforms," aniya.

Para kay Rañeses, walang tinaguriang "roadmap" ang pagtataguyod ni Aquino ng transparency at good governance. Nananatiling "islands of good governance" ang mga proyekto na itinaguyod ng pamahalaan sapagkat nakasalalay pa rin ang mga pagbabago sa mismong mga ahensya. Upang matugunan ito, nakikita ni Rañeses na ang pagpapasa sa Freedom of Information Bill ang magsisilbing pundasyon sa pagpapalawig ng transparency sa pamahalaan.

KAWALAN NG KASIGURUHAN

Ang hindi pagsasabatas ng Freedom of Information Bill ang nagsisilbing isa sa malaking kahinaan ng pamahalaan sa isyu ng mabuting pamamahala para kay La Viña at Rañeses. Sa kasalukuyan, marami pa ring mambabatas ang hindi sumasang-ayon at hindi nagnanais na maipasa ang Freedom of Information Bill bilang batas republika. Maalalang kasabay nitong ipinasa bilang panukalang batas ang ngayo'y Cybercrime Prevention Act of 2012, na sumasalungat sa transparency na ipinapangako ng Pangulo.

Matatandaang nakasaad sa FOI ang pagsasapubliko ng Statement of Assets, Liabilities and Net Worth ng mga opisyal ng pamahalaan. Sa paraang ito, magkakaroon ng bukas at malinaw na mata ang mga mamamayan sa gawain ng mga taga-pamahalaan – isang pamamaraan upang magkaroon ng tiwala ang mga mamamayan sa kanilang mga pinuno.

"Kung titingnan mo, nasa interes pa rin ni Pangulong Aquino na ibigay sa atin ang Freedom of Information Bill. Kaso, sa puntong ito, hindi pa siya mahalaga – in terms of political value for him. My prediction is, before his term ends, or on his last State of the Nation Address, baka ito iyong gawin niyang legacy," paniwala ni Rañeses. Dagdag pa niya, "Wala pang incentives [ang pagpapasa ng FOI]. Maaari niyang gamitin ito sa pangangampanya para sa 2016."

Isa pa sa mga isyu na nagpapahina sa administrasyong Aquino sa larangan ng good governance ay ang kawalan ng depinisyon ng Maintenance, Operating and other Expenses (MOOE) ng Kongreso. Isinaad ng Commision on Audit (COA) na nanatili silang nasa dilim tungkol sa partikular na gastusing ito sapagkat hindi sila pinapayagan sa isang "itemized audit" sa paggamit ng mga mambabatas sa pondong ito. Ang ipinapasa lamang ng mga mambabatas sa COA ay ang katibayan lamang ng mga resibo at paggamit sa pondo at hindi 'yong mismong resibo ng pagkakagastos sa pondo.

BAGONG MUKHA NG TRANSPARENCY

Upang matugunan at mabigyang pansin ang mga kakulangang ito ng administrasyong Aquino, malaki ang naitulong ng internet upang magkaroon ng kahit maliit na ideya ang mga mamamayan sa mga pangyayari sa iba't ibang ahensya ng pamahalaan.

Ngunit kailangan ring isaalang-alang na sa harap ng matinding impluwensiya ng social media, lumalabas ang katanungan tungkol sa limitasyon ng transparency. Mayroon bang mga isyu na dapat manatili sa kamay lamang ng pamahalaan? Para kina La Viña at Rañeses, kung mayroon mang dapat hindi ilabas sa harap ng madla, ito ay ang mga isyu patungkol sa pambansang seguridad.

Maituturing na balakid sa harap ng pambansang seguridad ang FOI, bilang mahirap itong isakatuparan sa gitna ng mga isyu tulad ng pagtatalo sa teritoryo (territorial disputes) at ng mga rebelde. "Baka 'yong Freedom of Information ay makasira sa ganitong mga usapin kasi baka humingi sila ng demand ['yong separatists] para mag-move on ang negotiations," ayon kay Rañeses.

Ngunit hanggang makakayang mailabas ang lahat ng impormasyon at manatiling malinaw sa harap ng taong bayan, dapat walang matitirang natatago sa usapin ng transparency. Ginawang halimbawa ni Rañeses ang kasalukuyang isyu ng "torture" sa Estados Unidos, na kanilang hindi inilalabas sa kadahilanang para sa kalagayan ng pambansang seguridad.

HATOL

Nananatiling hungkag pa ang kaalaman ng Filipino sa kung paano ginagastos ang kanyang buwis na ibinabayad. Isang halimbawa na rito ang isyu ng pork barrel scam kamakailan lamang na siyang kinasangkutan ng iba't ibang senador, ahensya at institusyon. Kung mananatiling tago ang gastusin ng mga mambabatas at ng mga pampublikong opisyal, at kung hindi pa rin maipapasa bilang batas ang FOI, mananatiling bulag ang Filipino sa harap ng katiwalian.

Mahirap ding ikumpara ang pagkakaiba ng administrasyong Aquino sa naunang liderato, dahil hindi lamang ito ang sukatan upang masabing tunay na pinaninindigan ng pamahalaan ang pangako nitong transparency at good governance. Maganda ang mga proyekto nitong paglalathala ng mga gastusin ng pamahalaan sa mga website nito, ngunit hindi pa rin ito nakasasapat upang mataguriang transparency. Bakit natin ikakatuwa at ipagmamalaki ang ganitong transparency; hindi ba't dapat ay bahagi na talaga iyan ng isang magandang pamahalaan? Masyado na ba tayong nasanay sa katiwalian na sa konting "transparency" ay tuwang-tuwa na tayo? M



EkonoMindanao

Estadong Ekonomiko ng Isla sa Timog

nina Robert Alfie Peña, Clarisse Zaplan, at Jerome Flores
may ulat nina Jan Fredrick Cruz at Charlene Tolentino
lapat ni Vochelle Sia

Lupain ng pangako. Ito ang madalas na naririnig na paglalarawan sa isla ng Mindanao. Ngunit tila nananatiling hungkag ang pangakong ito. Ayon sa pinakahuling ulat ng National Statistical Coordination Board (NSCB) ukol sa poverty incidence o bahagdan ng mahihirap na pamilya sa bansa, sampu sa 15 na pinakamahihirap na lalawigan ang nasa isla sa timog.

Masalimuot ang kasaysayan ng Mindanao kaya naman nararapat lamang balikang muli ang mga problemang kinakaharap nito, lalong-lalo na ang kanilang kabuhayan. Kailangang tingnang muli ang mga pinagdaanan ng ekonomiya ng isla upang matawid ang makitid na daang tinatahak nito ngayon.

KAHIRAPAN

Ayon sa estadistika sa Mindanao 2020, isang balangkas ng mga plano para sa rehiyon, kahirapan ang pangunahing hamon sa Mindanao. Makikitang mas mababa ang human development index (HDI) ng maraming lalawigan sa Mindanao kaysa pambansang nibel. Pinakakritikal ang HDI ng mga lalawigan ng Tawi-Tawi at Sulu na nakapaloob sa Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM).

Ano ang ibig sabihin ng mababang HDI ng mga lalawigan sa Mindanao? Mas maikli ang buhay ng mga Mindanawon, lalong-lalo na ang mga taga-ARMM, kumpara sa ibang bahagi ng bansa. Mababa ang bahagdan ng mga nakapag-aaral at nakapagtatapos kumpara sa kabuuang populasyong dapat na pumapasok sa paaralan. Gayon din, mababa ang kita ng mga Mindanawon upang suportahan ang kanilang mga pamilya sa pang-araw-araw nilang pangangailangan.

Kung titingnan naman ang ulat ng NSCB ukol sa kahirapan para sa unang trimestre ng taong 2012, halos kalahati ng mga Mindanawon ang nabubuhay sa ilalim ng poverty line. Maraming mga lalawigan ang mas mataas pa ang poverty incidence kaysa pambansang nibel na 22.3%. Halimbawa ang rehiyon ng ARMM na may pinakamataas na poverty incidence na 46.9%. Nanguna naman sa pinakamahihirap na lalawigan ang Lanao del Sur na may poverty incidence na 68.9%, ikaapat ang Maguindanao sa 57.8% (parehong kabilang sa ARMM) at ikalima ang Zamboanga del Norte sa 50.3%. Sa kabuuan, sampu sa 15 pinakamahihirap na lalawigan ang nasa Mindanao.

Pinalala pa ang kahirapan ng di-matigil na hidwaan. Nagbunsod ang giyera sa pangangamkam ng lupa, away sa pamilya, paglaganap ng private armies, gutom, pagkasira ng kalikasan, pagyurak sa karapatang pantao at pagkakaalis ng mga tao sa kanilang tirahan. Nakaugat ang gulo sa masalimuot na ugnayan ng mga Moro sa Estado at di-pagkakaunawaan ng marami sa mga etno-lingguwistikang grupo sa Mindanao, lalong-lalo na ang mga Muslim at Kristiyano.

EKONOMIYA

Sa presentasyon ni Kalihim Arsenio M. Balisacan, direktor-heneral ng National Economic and Development Authority (NEDA), sa Mindanao Development Forum noong nakaraang Pebrero, binanggit niya na sa kasalukuyan, 14% ang kontribusyon ng Mindanao sa pambansang ekonomiya.

Sa mga rehiyon sa Mindanao, pinakamalaki ang kontribusyon dito ng Davao sa 27% at Hilagang Mindanao sa 26%. Lumago ng 4.7% ang Mindanao noong 2009-2010 at 3.2% noong 2010-2011. Pinakamalaki ang paglago ng rehiyon ng Caraga sa 9.6% noong 2010-2011 (na mas mabilis pa sa paglago ng ekonomiya ng Mindanao o ng bansa), samantalang lumiit pa ng 1% ang ekonomiya ng ARMM.

Bagaman ikinatuwa ng marami ang 6.6% na paglago ng pambansang ekonomiya noong nakaraang taon—na siyang pinakamataas sa buong Timog-Silangang Asya—62% ang kontribusyon dito ng Kalakhang Maynila, Calabarzon at Gitnang Luzon. Ani Balisacan, marami pang dapat gawin upang maabot ang potensiyal ng iba pang rehiyon sa bansa, partikular ang mga rehiyon sa Mindanao. Problema rin umano ang di-pantay na pakinabang ng mga tao sa paglago ng ekonomiya. Kailangan umanong paigtingin pa ang koneksiyon ng iba't ibang rehiyon upang mabuksan ang mga pamilihan at mapag-ibayo ang mga serbisyo. Ayon nga kay Luwalhati Antonino, tagapangulo ng Mindanao Development Authority (MinDA), sa kaniyang mensahe sa Mindanao 2020: "Aam nating marami pang mararating para sa rehiyon kung malawakan at pantay-pantay na magtatamasa ang mga mamamayan ng mga bunga ng pag-unlad."*

Pangunahin sa mga produkto ng Mindanao ang goma, pinya, saging, kape at niyog. Marami sa mga produktong agrikultural na ito ang iniluluwas patungo sa ibang bansa o sa ibang rehiyon sa Filipinas. Kilala nga ang Mindanao sa bansag na "food basket" ng bansa. Pagdating sa turismo, maraming maipagmamalaki ang isla. Biniyayaan ang Mindanao ng mayamang kasaysayan at kultura, mayabong na kalikasan at magandang mga tanawin. 17% ng 26,187,130 turista sa Filipinas noong 2011 ang bumisita sa Mindanao. Binubuo naman ang industriya sa Mindanao ng mga negosyo na nagpoproseso ng mga produktung agrikultural at delata.

Bukod sa mga nabanggit, nakikita ng NEDA na malaki ang potensiyal ng Mindanao sa pagpapalago ng mga industriyang halal at pagtutuon ng mga produkto sa iba pang bansang Muslim. "Halal" ang tawag sa mga pinahihintulutang pagkain ng batas Islamiko. Positibo rin ang NEDA sa pagsusulong ng real estate/property development at information and communications technology (ICT). Dagdag ng Mindanao 2020, patuloy ang paglago business process outsourcing, isang industriyang nakabase sa ICT.

MGA HAMON SA PAGSULONG

Ayon sa NEDA, upang matamo ang potensiyal ng Mindanao, kinakailangang iangat ang kalidad ng mga produkto at produktibidad ng mga magsasaka sa pamamagitan ng paggamit ng modernisadong pagsasaka. Gayon din naman, kailangang pabilisin ang pagtatayo ng mga kinakailangang imprastruktura sa pagbibiyahe ng mga produkto tulad ng mga daan, tulay, paliparan at pantalan. Kinakailangan ding isaayos ang irigasyon at mga pasilidad para sa pagpoproseso ng mga produktong agrikultural.

KUNG MAGTATAGUMPAY TAYO SA PAGTATAMO NG PANGMATAGALANG KAPAYAPAAN, SIGURADONG-SIGURADO AKONG MAUUNGUSAN NG MINDANAO SA PAGLAGO ANG IBANG BAHAGI NG BANSA

KALIHIM ARSENIO BALISACAN
DIREKTOR-HENERAL NG NEDA

Ayon kay Cielito Habito, Ph.D., dating namuno sa NEDA noong panahon ni dating Pangulo Ramos, naging problema ng Mindanao ang kawalan ng iisa at konektadong ekonomiya. Bagkus, nagkaroon ng iba't ibang mga lungsod na ang ekonomiya'y nakatuon sa Maynila at Cebu. Aniya, simula pa noong dekada '90 ay sinubukan na nilang pag-ugnayin ang mga ekonomiya ng mga lungsod ng Davao, Cagayan de Oro, Zamboanga at Butuan. Noong panahong iyon sinimulang magtayo ng imprastrukturang mag-uugnay-ugnay sa nasabing mga lungsod. Bumuti umano ang lagay ng transportasyon ngunit aminado rin siyang marami pang dapat gawin.

Sa kasalukuyan, ayon kay Habito, dapat pang paigtingin ang tinatawag niyang "value chains" o ang pinagdadaanan ng materyales at halaga nito hanggang sa maging pinal na produkto. Aniya, pinakamahihirap na lugar ang pinanggagalingan ng mga materyales na ginagawang produkto. "Ang tawag ko diyan ay 'democratizing the value chain.' Bigyan ng mas maraming pagkakataon ang magsasaka na sila mismo 'yong magdagdag ng halaga para makuha nila 'yong mas malaking bahagi ng pinal na halaga ng kanilang produkto," dagdag pa niya.

Sagabal din sa pag-unlad ng Mindanao ang dinaranas nitong problema ngayon sa suplay ng koryente. Noong isang taon pa pumutok ang balita ukol dito at hanggang ngayon ay nagpapatupad pa rin ng rotating brownout bilang panandaliang solusyon. Sa isang pag-aaral ng Surian sa mga Pag-aaral Pangkaunlaran ng Pilipinas (PIDS), itinurong dahilan ang di-balanseng halo ng mga pinagkukunan ng enerhiya at di-sapat na kapasidad. Upang permanenteng solusyunan ang problemang ito sa enerhiya ay kinakailangang magdagdag ng 1,130.5 MW sa kasalukuyang kapasidad ng Mindanao. Nangangahulugan ito ng pagtatayo ng dagdag na mga power plant.

Higit sa lahat, pangunahing problema ng Mindanao sa kasalukuyan ang korupsiyon at kawalan ng tiwala sa mga lider at sa mga institusyon ng pamahalaan. Ayon kay Habito, "Marami sa pondo ang hindi napunta sa kanilang dapat paggamitan."

Pinakakita marahil ang problema sa mga lider ng ARMM. Matatandaang nito lamang 2011 ay ipinagpaliban ang eleksiyon ng mga bagong lider sa pamamagitan ng pagpapasa ng Batas Pambansa 10153. Itinalaga ni Pangulong Benigno Aquino III si Mujiv Hataman bilang gobernador (officer-in-charge) ng ARMM. Pinalitan ni Hataman si Ansaruddin Adiong na siya namang itinalaga ni dating Pangulo Gloria Macapagal-Arroyo bilang gobernador kasunod ng madugong Maguindanao Massacre, kung saan sangkot ang mga Ampatuan. Si Zaldy Ampatuan ang gobernador noon nang mangyari ang patayan. Sangkot din ang kanilang pamilya sa ilegal na pagkamal ng kaban na lumutang dahil pa rin sa pagkatuon ng mga balita sa nangyaring pagpatay. P2.6 bilyon ang inihaing kaso laban sa mga Ampatuan noong 2011. Tumakbo naman at nahalal si Hataman sa parehong posisyon sa katatapos pa lamang na eleksiyon Isa pang grupong malaki ang impulwensiya

sa Mindanao ang Moro Islamic Liberation Front (MILF). Ngunit paksa rin ng mga panawagan upang maging mas sinsero at tapat sa mamamayan ang mga lider ng MILF, bukod pa ang mga nakaupo sa goyerno ng rehiyon. Matatandaang dahil sa pagtutol ng isang paksiyon ng Moro National Liberation Front (MNLF) sa 1996 Peace Agreement ng gobyerno at MNLF kaya nabuo ang MILF. Pinirmahan naman noong nakaraang taon ang Framework Agreement on the Bangsamoro sa pagitan ng gobyerno at MILF. Inaasahang ibubunga ng mga negosasyon ang pinal na kasunduang tatapos sa kaguluhang matagal nang naging imahen ng Mindanao.

Idiniin ni Habito na malaking hadlang ang ilang dekada ng hidwaan sa persepsiyon ng mga tao at sa pag-unlad ng Mindanao: "Ang imahen agad na pumapasok sa kanilang pag-iisip, 'mababaril ako dito, maki-kidnap ako diyan.' Samantalang kung tutuusin, kahit sa loob ng ARMM, mabibilang naman ang mga lugar na talagang sabihin nating magulo. Pero marami ang nadadala ng masamang imahen na 'yon."

LUPAIN NG MGA PANGAKO

Malaki ang nakataya sa pagtatamo ng pangmatagalang kapayapaan sa Mindanao. "Kung magtatagumpay tayo sa pagtatamo ng pangmatagalang kapayapaan, siguradong-sigurado akong mauungusan ng Mindanao sa paglago ang ibang bahagi ng bansa,"* ayon kay Balisacan. Maraming mga pangako ang lupain ng Mindanao. At marahil, upang matupad ang iba pang mga pangako ay kailangang matupad muna ang unang malaking pangako ng kapayapaan. Nakadepende ang pagsulong ng ekonomiya ng isla sa pagseseguro na wala nang muling magbubuwis ng buhay dahil sa hidwaan.

Nilalagom ng isang talata sa Mindanao 2020 ang dapat mangyari: "Kailangang magbago ng Mindanao. Isa itong pangangailangang minimithi ng bawat mamamayan ng Mindanao. Ang marungis at magulong kasaysayan ng Mindanao na markado ng pagkakahati-hati, kawalang pag-asa, pangangamba at pagkabigo ay kailangang magbukas sa isang hinaharap ng pagkakaisa, pag-asa, pagmamalaki at pagkapanatag. Isa itong hinaharap na hindi darating na basta na lamang, kailangang magkaisa ng bawat Mindanawon upang kamtin ito para sa kanilang mga sarili."

* *Isinalin mula Ingles*

Sa nakalipas na State of the Nation Address ni Pangulong Benigno Aquino III, isa sa mga naging balangkas niya ay ang Mindanao. Madaming hinayag na mga pangako para sa pulo.

Plano sa Agrikultura. Sa larangan ng agrikultura ng pulo, isa sa mga naging pangako ng Pangulo ay ang paglalaan ng sapat na kagamitan para sa industriya ng mais, palay, at niyog. Kasama na rin sa mapagkakalooban ng mga kasangkapan ay ang mga mangingisda at aquaculturists. Ninanais ng pangulo na mabawasan ang mga insidenteng nagdudulot ng pagkaaksaya ng mga pananim at ani. Sa parehong dahilan, nakaplano na rin ang pagpapagawa at pagsasaayos ng mga kalsada sa Mindanao.

Hakbang sa Enerhiya at Kuryente. Sa isyu naman ng pagkukuhanan ng pirming enerhiya at kuryente, sinabi ng pangulo na sa pagtatapos ng kanyang termino sa 2016, ang sitwasyon na hinaharap ngayon ng mga Mindanaoan ukol sa enerhiya ay hindi na muling magdudulot ng problema. Ayon sa pangulo, masosolusyunan ito ng pamahalaan sa pamamagitan ng paglalaan ng pondo upang maghanap ng iba pang mapagkukunan ng enerhiya at mapababaang presyo ng kuryente. Aminado ang pangulo na mahabang paghahanda ang kailangan dito, kaya't mayroong mga short-term na solusyon para mapababa ang posibilidad ng krisis sa enerhiya, tulad ng pag-arkila ng power barges.

Isa pa sa mga nabanggit ng pangulo ay ang rehabilitasyon ng mga planta ng enerhiya sa Mindanao. Sa kanyang talumpati sa Mindanao Power Summit noong Abril 2012, nakaplano na ang rehabilitasyon ng Agus VI Hydroelectric Power Plant na inaasahang makakatulong sa pagkakaroon ng sapat at matatag na suplay ng enerhiya.

Tungo sa ganap na kapayapaan at seguridad. Inako ni PNoy ang responsibilidad ng pagpapanumbalik ng kaayusan sa Mindanao. Sinabi ng pangulo na para makamit ang ninanais na katiwasayan, ang 'peace panel' ay bubuuin ng mga taong may integridad 'di tulad ng mga naunang kinatawan. Sasangguni rin ang Pangulo sa mga taong may sapat na kaalaman sa usaping ito tulad nina OPAPP Secretary Deles, Peace Panel Head Afable at dating presidente ng Notre Dame University, Fr. Mercado.

Kasama sa kanyang mga pangako ay ang pagtalaga sa Defense Reform Program na sinimulan ni dating DND Secretary Nonong Cruz. Sa programang ito, magkakaroon ng propesyonal na AFP at PNP na mangangalaga sa Konstitusyon, lalung-lalo na sa mga mamamayan.

Matatag na ekonomiya sa kabila ng krisis. Para mapalago ang ekonomiya, Magtatayo ng mga 'state enterprise' na makikipag-uganayan sa mga private investor. Ang proyektong ito ay makakatulong upang mabawasan ang pagkatakot ng mga pribadong sektor na mamuhunan sa mga lugar sa Mindanao.

Isa rin sa mga prayoridad ng pangulo ay ang Halal industry. Unang-una, ang layunin nito ay magkaroon ang mga Pilipinong Muslim ng sapat na mapagkukunan ng mga pagkaing pinahihintulutan ng kanilang batas at paniniwala. Ito rin ay magiging daan para ang mga local producer sa Mindanao ay maging bahagi ng multibilyong dolyar na pamilihan ng mga produktong halal.

"Ipakita po natin sa kanilang hindi sila nagkamali sa pagpili sa direksyon ng kapayapaan; handa tayong ipahiram ang lakas ng buong bansa upang i-angat ang mga probinsya sa Muslim Mindanao, na kabilang sa mga pinakamaralita nating mga lalawigan", ani Aquino sa kanyang SONA. Umaasa ang pangulo sa pakikiambag ng bawat Pilipino sa layunin para Bangsamoro. Sa madaling salita, hindi basta-basta matatamo ang layunin kung hindi magkakaisa ang buong sambayanan. Dagdag pa rito, nais ipahiwatig ng pangulo na ang kapayapaan sa hindi pagkakasundo't magulong timog ay madali nang matamo.

Tinging Pahapyaw sa Mga Sektor

Mabilis na tingin sa mga sektor ng lipunan na nakaligtaan sa nakalipas na SONA

nina Alyssa Leong at Reizle Platitas

Children in conflict with the law

Pinagtibay ng parehong Senado at Kapulungan ng mga Kinatawan ng Pilipinas ang mga panukalang batas na naglalayong enmyendahan ang RA 9344 o Juvenile Justice and Welfare Act of 2006. Ayon dito, mananatiling 15 ang edad ng minimum age of criminal responsibility (MACR), matapos unang ipanukala ni Kinatawan Pablo Garcia ng ikalawang distrito ng Cebu na gawing 10 ang MACR mula 15 noong Setyembre 2011. Nakasaad din sa mga panukalang batas na ito na 12 anyos ang pinakamababang edad ng isang batang maaaring maipadala sa Bahay Pag-asa, isang pansamantalang tahanan para mga batang napatunayang nagkasala.

Kabilang sa mga maituturing bilang karumal-dumal na krimen ang pagpatay, panggagahasa, pagdukot, mapaminsalang gawain sa mga ari-arian tulad ng pagsunog ng mga ito, at mga krimeng mayroong karampatang hatol sa ilalim ng Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Nananatili ang probisyong maaaring sampahan ng kaso ang mga kabataang 15 taong gulang pataas ngunit hindi lalagpas sa edad na 18, kapag napatunayang ang mga ito ay mayroong kamalayan sa kanilang ginawang paglabag sa batas. Sinasabing ang mga pagbabagong isinagawa sa nasabing batas ay nakatuon sa pagpapangalaga sa kapakanan ng mga tinatawag na CICL.

Sa kasalukuyan, hinihintay na lamang ang pirma ng Pangulo upang maisakatuparan ang mga pagbabagong inilahad. Sa patuloy na pagtaas ng bilang ng mga kabataang nasasangkot sa mga karumal-dumal na krimen, tila nakaugat pa rin sa kahirapan at kawalan ng sapat na kaalaman ang pagkasangkot ng mga ito sa mga ilegal na gawain.

Sangguniang Kabataan

Aktibong partisipasyon ng kabataan sa pamahalaan

Matagal na ang usapan ukol sa tuluyang pagbuwag ng Sangguniang Kabataan (SK), at patuloy ang paghahain ng panukalang-batas upang ito'y maisagawa. Isa na rito ang HB 1122 na ihinain ng Caloocan Rep. Edgar Erice, na naglalayong enmyendahan ang Local Government Code at tuluyang alisin ang SK, kasabay ng pagtatatag ng Barangay Youth Council (BYC). Sa pagpasa ng panukalang-batas na ito, naninindigan si Erice na hindi na nagagampanan ng SK ang tungkulin nito bilang kapulungan ng lokal na pamahalaan. Aniya, nagkakaroon ng bahagi ang SK sa paglaganap ng korapsyon at mga politikal na dinastiya sa bansa. Pagpigil sa pagpapalabas ng kanilang pondo naman ang ipinanukala ng kinatawan ng lungsod ng Quezon na si Winston Castelo. Bilang isang samahan na binubuo ng mga nasa edad 17 hanggang 19, ang kawalan ng badyet ng SK ay makapupuksa umano sa korapsyong maaaring umiral sa paghawak ng salapi.

Ngunit kasabay ng pagsulong sa mga nasabing panukalang-batas ay ang pagtutol rin ng iba't-ibang senador sa pagbuwag sa SK. Ayon kay Sen. Bam Aquino, reporma lamang ang kailangan at hindi ang pag-abolisa sa Sangguniang Kabataan. Isang overhaul o maingat na pagsusuri lamang ang kailangan sa paglutas sa nasabing isyu. Dagdag pa rito, naniniwala si Sen. Teofisto Guingona III na mahalaga pa ring magkaroon ang kabataan ng institusyong tutugon sa kanilang mga hinaing.

Ang pagbuwag nga ba sa SK ang siyang solusyon sa patuloy na paglaganap ng korapsyon at dinastiyang politikal sa bansa? Ano nga ba ang nararapat na abenida upang makapaglinkod ang kabataan sa pamahalaan, nang walang bahid ng korapsyon?

Ang Laban ng at para sa LGBT

Sa gitna ng paglakas ng usapin ng same-sex marriage sa ibang matapos maging legal ito sa ilang estado sa US, tila nagkakaisa ang palagay na malayo pa ang Filipinas sa ganitong nibel ng pagbubukas.

Dalawa ang mga nangungunang dahilan: ang patuloy na diskriminasyon sa mga lesbians, gays, bisexuals at transgender o LGBTs; at ang oryentasyon ng karamihan sa mga Filipino na nakaugat sa pananampalatayang Romano Katoliko at sa konserbatibong kultura nito.

Ayon kay Jonas Bagas, executive director ng TLF Share Collective, isang NGO na sumusuporta sa sektor ng LGBT sa Filipinas, mahirap maisabatas ang same-sex marriage dahil magpasahanggang ngayon, hindi pa rin nakakamit ng mga LGBT ang kanilang mga karapatan bilang mga mamamayan, at patuloy silang nakararanas ng diskriminasyon. Mas mahalaga sa kasulukuyan na pagtuonan ng pansin ang pagrespeto sa kanila bilang mga mamamayan din ng ating bayan, na may parehong mga karapatan tulad ng hindi LGBT.

Sa isang panayam naman sa radyo, naniniwalang si Sen. Vicente Sotto III na malabong maisabatas ang same-sex marriage sa kasalukuyang Kongreso. Bagaman makabago na ang pag-iisip ng Filipino sa kasalukuyan, tatanggap lamang diumano ng matinding pagkondena mula sa iba't-ibang sektor ang paghahain ng panukalang-batas ukol sa nasabing isyu sapagkat marami pa rin ang nananatiling konserbatibo ang tindig ukol sa halaga ng pamilya at moralidad. Dahil sa kasaysayan at kinalakhan ng maraming Filipino, ang Katolikong pananampalataya, iba rin ang pagpapahalaga nito sa pag-aasawa o sa matrimonya, mula sa Kanluraning worldview at ibang-iba rin ang pagpapahalaga sa pag-aasawa.

Paano nga ba ganap na maitutuwid ang daang matagal nang lubak-lubak at baluktot dahil sa kabuktutan ng mga gumawa nito at tumahak dito? Tunay na may pagsubok na resolbahin ang napakaraming isyung nag-uugat sa mga nagdaang pamunuan at patuloy na dinaranas ng Filipino, ngunit hindi maitatangging maraming suliraning panlipunan ang hindi pa natutugunan ng administrasyon. Ilan lamang dito ang mga problema sa mga sektor na tila nakalimutang bigyan ng atensyon ng Pangulo sa kanyang pinakahuling SONA.

Mga may kapansanan at natatanging pangangailangan

Sa pinakahuling ulat ng National Council on Disability Affairs (NCDA), kanilang ibinalita ang mga batas republikang ipinasa para sa kainaman ng mga Filipinong ito. Ilan lamang dito ang Republic Act 10366, na siyang nagmamandato sa Commission on Elections (COMELEC) na pagtatalaga ng espesyal na mga lugar para sa mga botanteng may kapansanan tuwing halalan sa mga presinto.

Ukol naman sa pantay na oportunidad pagdating sa paghahanap ng trabaho ang RA 10524, kung saan isang porsiyento ng mga posisyong bakante sa mga ahensiya ng pamahalaan at pampublikong korporasyon ang nakalaan sa mga PWD.

Mayroong hindi bababa sa dalawang PDAO o PWD Affairs Office ang bawat rehiyon. Sa kabuoan, umaabot na sa 96 ang bilang ng mga tanggapan nito sa buong bansa. Nasa 348,766 na PWD identification cards ang naipamahagi sa pagsasara ng Hunyo nitong, mula sa dating bilang na 192,675. Layon ng mga PWD ID cards na ito na mas mapadali ang pagbibigay-serbisyo ng NCDA.

Kung ikukumpara naman sa mga nakaraang taon, isang naging pagbabago sa 2013 General Appropriation Act ang pag-alis sa katagang nagtatakda na "hindi bababa sa 1%" dapat ng kabuuang budget ng pamahalaan ang nakalaan para sa pagsusulong ng kapakanan ng matatanda at may kapansanan, kaya't isinusulong ngayon ng NCDA na muling ibalik ang seksyong ito sa batas. Sakop nito ang lahat ng kagawaran, tanggapan, komisyon, at mga ahensiya, para sa mga proyektong nagtataguyod ng ikabubuti ng mga matanda at may kapansanan.

Binubuo ng 4.5% ng populasyon ng bansa ang matatanda, na may edad 65 pataas ayon sa ulat ng Central Intelligence Agency noong 2012. Kahati ng PWD ang mga Senior Citizens sa nakasaad na porsiyento ng kaukulang budget ng mga ahensiya ng pamahalaan ayon sa General Appropriation Act. Maliit na bahagi lamang sila ng populasyon ngunit marami pa rin ang hindi nasasakop ng pensyon o pantustos ng pamahalaan dahil karamihan sa kanila ay kasapi ng impormal na sektor.

Mga Nakatatanda

Ayon sa datos ng National Statistics Coordination Board, pang-anim ang pangkat ng mga matatanda sa nakararanas ng pinakamatinding kahirapan sa mga sektor sa bansa. Noong 2010, tumatanggap ang isang senior citizen na kasapi ng GSIS ng halagang Php8,586 na kung tutuusin ay mas malaki lang ng kaunti sa sahod ng isang manggagawa na nagtrabaho ng 26 na araw.

Isinusulong ngayon ng Provincial Federation of Senior Citizen Association of the Philippines (PFSCAP) na maisabatas ang pagkakaroon nila ng kinatawan sa mga lokal na yunit ng pamahalaan. Sa Expanded Senior Citizens Act of 2010, nakasaad ang pagbibigay ng buwanang tustos na Php500 sa lahat ng Filipinong may edad 77 pataas. Noong Oktubre ng nakaraang taon, 184,000 nakatatanda ang nakikinabang sa polisiyang ito na may kabuuang halaga na P518.6 milyon. Ngunit iginiigiit ng ilang samahan gaya ng Federation of Senior Citizens in the Philippines na isama ang mga mamayang may edad 60-76 at kabilang sa pinakamahihirap ng populasyon sa mga nakatatanggap ng mga benepisyong ito.

Mga Unyon ng Manggagawa

Para sa mga unyon ng mga manggagawa, na maraming taon nang naghahain ng kanilang mga hinaing sa napakarami nang administrasyon, isa lang ang kanilang sigaw: ang dagdag-sahod para sa mga manggagawang Filipino.

Nakababahalang hindi nagdala ng malinaw na pag-unlad ang ipinagmamalaking 6.6% na paglago ng ekonomiya sa bansa para sa sektor ng paggawa. Nananatiling kapos ang Php277.81 na karaniwang kinikita ng isang manggagawang Pinoy upang tugunan ang pangangailangan niya at ng kaniyang pamilya.

Isyu din ang lumalaganap na realidad ng kontraktuwalisasyon. Sa isang pag-aaral na isinagawa ng International Labor Organization, 70% ng lakas paggawa ng Filipinas ang nasa ilalim ng kontraktuwalisasyon—walang kasiguraduhan sa trabaho at walang benepisyong natatanggap. Patunay sa lumalalang institusyunalisasyon ng sistemang ito ang naganap sa mga empleado ng Philippine Airlines (PAL) kamakailan lamang, na nagbunga ng pagkakatanggal ng 2,600 na regular nang mga empleaado, para lang ibalik sila sa trabaho bilang kontraktwal.

Nagiging malaking puna ang usaping ito laban sa kasalukuyang pamahalaan dahil wala pang kongkretong hakbang ang gobyerno na nagbabawal sa kalakarang ito. Mas pinagtutuunang pansin ni P-Noy ang tinatawag na non-wage benefits sa mga manggagawa na para sa ilang unyon ay isang hndi makatarungang pagbabahagi ng yamang tinatamasa ng mga nakikinabang sa sinasabing pagyabong ng ekonomiya ng Filipinas.

2013

10.5 milyong OFW sa ibang bansa
4500 OFW ang mga contractual workers
4.9 milyon ang permanent residents
Higit 1 milyon ang 'di nakatalang migrante

4th

Pilipinas ang pang-apat sa mga bansang nagpapadala ng mga OFW sa ibang bansa, sunod lamang sa China, Mexico at India

Sa ilalim ng pamumuno ni Aquino, 4 na OFW ang hinatulan ng kamatayan habang 7,000 ang nakabilanggo.

EMBAHADA

Sa Syria, 200 OFW ang hindi makauwi mula sa Embahada ng Pilipinas.



MIDDLE EAST

Mahigit 20,000 mga Pilipino ang naghihintay makauwi mula sa Middle East.

Mahigit kumulang 4,500 OFW ang umaalis ng bansa araw-araw.

BAGONG BAYANI ANG TAGURING AGAD NA NAIISIP KAPAG NABABANGGIT ANG MGA OFW. SA NAKARAANG TATLONG TAON NG PAMAHALAANG AQUINO, ANO NA NGA BA ANG LAGAY NG MGA BAGONG BAYANING ITO?

ULAT NI XAVIER ALVARAN
SINING NI DYAN FRANCISCO

Administrative Papers
Mga kailangang ayusin sa embahada:
Pasaporte

Gumagastos ng Php20,000 sa bawat pag-alis at pag-uwi ang isang OFW.

Bangko Sentral

Sa katapusan ng 2012, nakatanggap ang Bangko Sentral ng Pilipinas ng mahigit $21.391 bilyong remittance.

2012



NAITATAWID NGA BA NG PANTAWID?

Sa ikatlong taon ng administrasyong Aquino, ano-anong hakbang ang ginagawa upang sugpuin ang kahirapang matagal nang suliranin ng bansa?

ni Clinton Balbontin; sining nina Madelaine Callanta at Aika Rey; kuha ni Khalil Redoble

Hindi na bagong usapin ang kahirapan sa Filipinas – tila sa lahat ng larangan na maaaring pag-usapan, nananatili ang presensya nito. Mula sa pelikula at telebisyon, sa sining, sa mga pahayagan, lalong-lalo na sa politika, may pagmimithi ang hindi lamang iilan na talakayin ang kahirapan at ito'y mabigyan ng solusyon. Napakarami nang administrasyon ang sumubok na puksain ang suliraning ito ng lipunan, ngunit magpasahanggang-ngayo'y nananatili itong mabigat na pasanin ng bayan.

Nangangahalati na sa kanyang termino bilang Pangulo si Benigno Aquino III, at sa loob ng tatlong taon na iyon, makikitang may pagtatangkang sugpuin ang kahirapan sa pamamagitan ng mga programa tulad ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps) at ang Conditional Cash Transfer (CCT) – mga programa para sa tinaguriang social development na nagsimulang ipatupad noong taong 2007. Minodelo ang mga ito sa programa ng ibang mga bansa sa Latin America, tulad ng Brazil at Mehiko, kung saan itinuring na matagumpay ang parehog mga programa, at nagresulta sa pagpapababa sa porsyento ng bilang ng mahihirap. Siyang nangangasiwa sa mga programang ito ang Kagawaran ng Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad o Department of Social Welfare and Development (DSWD).

Dalawa ang pangunahing layunin ng mga nabanggit na programa ayon sa DSWD: pagbibigay ng social assistance at ang pagpapatibay ng panlipunang pagpapaunlad o social development. Sa pagbibigay ng salapi bilang tulong, tinutulungan ng programa

na sagutin ang problema ng benepisyaryong nangangailangan ng agarang tugon. Kapalit nito, kailangang magpakonsulta ang nanay ng pamilya sa health center at dapat siguraduhing papasok ang mga anak sa paaralan. Sa ganitong paraan, nareresolba daw ang paikot-ikot na daloy ng kahirapan dahil nasisiguro nito na kaakibat ng pagsagot sa gutom ang kalusugan at edukasyon ng mga mahihirap.

RESULTA

Pinuri ng World Health Organization at ng Asian Development Bank ang programa nito at bilang pangunahing tagapondo ng programa, nakikita ng dalawang institusyon ang kabuluhan ng programa sa pagpapabuti ng edukasyon at kalusugan ng mahihirap sa bansa.

Sa pag-aaral namang "Conditional Cash Transfers and Civil Conflict: Experimental Evidence from the Philippines" nina Crost, Felter at Johnson ng University of Denver, higit umanong mas epektibo ang CCTs kaysa sa mga programang ang pokus ay community-driven development, at mga programang nagkakaloob ng food aid, sa pagresolba ng kaguluhan sa mga komunidad na apektado ng rebelyon. Pinapataas umano ng cash transfers ang opportunity cost ng pagsali sa mga rebeldeng grupo, kung kaya't sa pamamagitan nito, kumokonti ang bilang ng nahihimok na maging rebelde at higit na nagkakaroon ng tiwala ang mga benepisyaryo sa pamahalaan.

Positibo ang resulta ng mga programang naglalayon ng panlipunang pagpapaunlad at pag-ibsan sa kahirapan ng napakaraming Filipino, kaya't pinalawig ang programa upang mas masakop pa ang pinakamahihirap na lugar sa buong bansa. Sa kanyang pinakahuling State of the Nation Address, matagumpay umanong napalawak na ang saklaw ng 4Ps at ng CCT ayon kay Pangulong Benigno Aquino III. Ayon sa kanya, mula sa 700,000 benepisyaryo noong 2010, umabot na sa apat na milyon ang nakikinabang sa programa sa kasalukuyan.

Naniniwala naman si Dr. Mary Racelis, isang social scientist at propesyunal sa larangan ng social development, na hindi lamang simpleng pag-aabot ng danyos ang CCT kaya't maituturing na matagumpay ang mga programa. Nasisigurado raw ng CCT na mapanatili ang kaayusan ng kalusugan ng mga kababaihan, lalo na ng mga ina. Isang halimbawa ang pagbaba ng insidente ng mga komplikasyon sa pagbubuntis ng mga inang ito. Napapataas din umano ng cash transfers ang bahagdan ng mga batang napabibilang sa mahihirap na pamilya na pumasok sa paaralan. Naiiwasan daw ang pagliban ng mga batang napipilitang maghanapbuhay para sa kanilang pamilya.

Kung ikukumpara naman sa mga kahalintulad na programang naipatupad na noon, sinisigurado umano ng mga namamahala ng 4Ps at CCT na sa nararapat na mga benepisyaryo napupunta ang salapi. Mismong ang DSWD ang gumagawa ng pananaliksik kung anong komunidad ang pinakanangangailangan ng tulong ng programa, at sila rin mismo ang nag-aabot nito. Sa ganang ito, naiiwasan nito ang sistemang padrino dahil hindi na nakadepende sa naluluklok na politiko ang pagtanggap ng mga benepisyaryo.

Ngunit ang pinakamahalagang katagumpayan ng mga programang ito ng administrasyong Aquino ay ang pagkakaroon ng palagiang ebalwasyon ng DSWD kasama na ang mga non-governmental organizations o NGOs at mga institusyong pampananaliksik. Natitiyak ng mga konsultasyong ito ang kawalan ng pagkiling at balanseng pagtitimbang sa mga programa – kung angkop pa rin ba sa sitwasyon at pangangailangan ng komunidad ang kasalukuyang balangkas nito o dapat na bang may baguhin. Nasisiguro ring nagkakaroon ng positibong mga resulta ang naturang programa.

Hindi lamang para sa mga programa mismo umaabot ang papuri ni Racelis. Naniniwala siyang ang tagumpay ng mga ito ay sa pakikipagtulungan ng iba't ibang institusyon at mga NGO sa pamahalaan, lalo na sa mga isinasagawa nilang pag-aaral tungkol sa mga posibleng solusyon para sa kahirapan. Nasisiguro umanong pawang mga eksperto sapanlipunang pagpapaunlad ang nakikibahagi sa diskurso ng programa, at wala itong bahid ng politika.

Hindi rin maliit ang naging papel ng mismong kalihim ng DSWD sa mga programang ito. Ani Racelis, ang karanasan ni Sec. Dinky Soliman at kanyang pakikilahok sa larangan ng social development ang isa sa bentaha ng programa. Sa pamumuno daw ni Soliman, nagkakaroon ng maayos at bukas na ugnayan ang mga eksperto sa sektor ng NGO at ang DSWD. Kung gayon, nagiging mabulas at malusog ang diskurso sa programa at kahirapan.

PANGMATAGALANG SOLUSYON

Ngunit hindi lamang nakukulong sa positibo ang mga komento ukol sa mga resulta ng 4Ps at CCT. Ayon sa National Statistical Coordination Board, kahit may pagtaas na 7.8% sa Gross Domestic Product (GDP) ng bansa, nanatili pa rin ang income gap sa parehong nibel simula pa noong 2006. Kung gayon, halos walang epekto ang programa sa pagresolba ng agwat ng kita sa iba't ibang estado sa lipunan.

Sa isang pag-aaral na isinagawa ni Dr. Celia Reyes ng Philippine Institute for Development Studies, napag-alaman na mayroong leakage rate na halos 29% ang Pantawid Pamilyang Pilipino Program. Nangangahulugan itong halos 70% ng lahat ng benepisyaryo ang tunay na income poor at bahagi ng bottom fifth ng populasyon ng bansa, att sa bahagdang iyon, 7.2% lamang ang nakakalagpas at nakaaahon mula sa kahirapan kung binibigyan ng cash transfers.

Pinabubulaanan din ng pag-aaral ni Reyes ang pagtaas ng bilang ng mga batang nag-aaral sa halip na magtrabaho sa murang edad dahil aniya, bumababa ang school enrollment rate ng mga batang edad 15 at pataas na benepisyaryo ng programa. Kung ikukumpara sa CCT ng Mehiko, kung saan hanggang edad 22-anyos ang sinasaklaw na mga benepisyaryo, higit na mababa ang drop-out rates sa Mehiko kaysa sa Filipinas. Iminungkahi ni Reyes na higit na bigyang pansin ang mga estudyante sa sekondaryang nibel kaysa elementarya, dahil higit na malaki ang oportunidad at sweldo sa trabaho ng mga nagtapos sa mataas na paaralan kumpara sa mga nagtapos sa elementarya.

Nagiging hati tuloy ang opinyon ng sektor na naka-ukol sa panlipunang pagpapaunlad: dapat nga bang ituloy pa ang dalawang programang ito ng administrasyon? Sa kanyang artikulong "Will CCT help or hurt the poor?" para sa Business World noong 2010, pinangatwiranan ni Benjamin Diokno, propesor mula sa School of Economics ng Unibersidad ng Pilipinas, na makatutulong ang CCT upang labanan ang kahirapan sa bansa. Aniya, maituturing bilang pangmatagalang solusyon ang Conditional

Cash Transfers sa kahirapan kahit na may iilang mga mambabatas na naniniwalang hindi kayang punan ng CCT ang papel ng iba pang programa para sa pagpapaunlad. Hindi makabubuting tanggalin ang programang ito sa gitna ng implementasyon nito, lalo na't gumagana naman ito.

Sa isang banda naman, nakadaragdag lamang sa utang ng pamahalaan sa Asian Development Bank ang 4Ps, ayon sa mga NGOs tulad ng IBON Foundation. Nagiging simpleng "dole out" o madaliang pantawid o solusyon lamang ang salaping ipinamamahagi sa mga mahihirap na pamilyang saklaw ng programa. Naniniwala ang grupo na mas makabubuti kung programang nakatuon sa pagkakaloob ng trabaho para sa mahihirap ang higit na bibigyan ng pansin ng gobyerno.

Ayon naman kay Racelis, mayroong dalawang limitasyon ang programa sa pagtitigil ng kahirapan. Una, matagal ang hihintayin upang makita ang pangkabuuang resulta ng CCT. Ito raw marahil ang dahilan kung kaya't mayroong nagkokomento at nagdududa sa resulta ng 4Ps at CCT. Sa nalalapit na pagtatapos ng parehong programa, dahan-dahan nang nasasaksihan ang mga epekto nito, ngunit kinakailangang magpakilala ng bagong programa na hihigit pa sa layunin ng 4Ps at CCT – programang nakadisenyo upang umakma sa mga ispesipikong pangangailangan ng isang komunidad. Ang pagbuo ng ganitong klaseng programa'y maproseso sa panig ng mga social scientist katulad ni Racelis. Nangangailangan ito ng mahabang pagpapasensya upang makita ang pinal na resulta.

Isa pang limitasyon ng kasalukuyang programa ng administrasyon Aquino para sa panlipunang pagpapaunlad ay nakadisenyo ito para sa mga mahihirap na siyudad. Isang malaking paghamon para sa DSWD at mga katambal nitong NGOs na bumuo ng balangkas na aangkop para sa mga probinsya at sa katutubo o indigenous peoples.

MGA PAGTUTOL

Maraming nibel ng komplikasyon ang mga programang tulad ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program at Conditional Cash Transfer kaya hindi maiiwasan ang komentaryong bumabatikos dito, mga puna tulad ng kawalan ng bisa nito at mga komentong nagsasabing nagiging "spoonfed" umano ang mahihirap.

Nagmumula ang ganitong uri ng reaksiyon sa 4Ps at CCT sa mga mamamayang nagmumula kadalasan sa medya klase o middle class dahil sa istrukturang market economy na umiiral sa bansa, para kay Racelis. Nakikita bilang limos o "dole out" ang 4Ps at CCT dahil naiisip ng ordinaryong Filipino o yaong nagmumula sa gitnang uri na ito ang isa sa pinakamadaling paraan upang makakuha ng pera ang nasasakop ng programang ito.

Madali tuloy sabihin na hindi gumagana ang mga programang ito. Kinakailangan ng mas malalim na pagsusuri at pangmatagalang pagsisiyasat upang higit na maintindihan ang kalagayan ng kahirapan sa bansa at makahanap ng solusyong magtatagal. "Madalas, hindi nakikita ng marami ang kahalagahan ng kondisyong kaakibat ng perang ibinibigay sa mga taong nasa ilalim ng 4Ps. Dahil sa mga kondisyong hinihingi, nasisigurong nakapag-aaral ang mga anak ng bawat pamilyang kasapi sa programa, at nahihikayat din ang mga ina na tiyaking maayos ang kalusugan ng kanilang mga pamilya," pagtatanggol ni Racelis dito.

Sa huli, hindi matatapos ang diskurso ng kahirapan sa pagsasabing matagumpay o nagkukulang ang programa sa pagkamit ng mithiin nito. Kaakibat ng ganitong komentaryo ang aksiyon na kakailanganin sa pagpapabuti o pagpapalit sa programa. Gayundin, sa pagbibigay ng konstruktibong opinyon tungkol sa kahirapan, ipinapakita nito ang umiiral na kalinangan ng tao bastay sa kaniyang kapaligiran at materyal na pinanggagalingan. Kung gayon, hindi lamang iisa ang solusyon ang pagresolba sa kahirapan; maaaring sabihin na ilan lamang sa mga posibleng solusyon ang Pantawid Pamilyang Pilipino Program at ang Conditional Cash Transfers ngunit hindi maaaring dito magtapos ang usapan.



MADALAS, HINDI NAKIKITA NG MARAMI ANG KAHALAGAHAN NG KONDISYONG KAAKIBAT NG PERANG IBINIBIGAY SA MGA TAONG NASA ILALIM NG 4PS.

DR. MARY RACELIS
PAMANTASANG ATENEO DE MANILA

REBOLUSYON

titik ni Ray John Santiago
kuha ni Gett Baladad



Ang panahon na muling niyo kaming aapihin
Ay ang panahon ng muling pagbubuklod

Mawawalan ng busal ang bibig
Mawawalan ng piring ang mata
Makakalag ang posas
At muling isisigaw:
Ang kahinaan ang tanging magiging lakas





Sa harap ng mga maskarang nakatawaít
Nagtatago ng katotohanan
Tumatapak sa walang lakas
At naghahanap ng pagbabago
Tandaan ninyo:

Sa harap ng aming pagtayoít paglaban
Bagong bayan ang isisilang
Sa harap ng aming pagtayoít paglaban
At kayoíy mananawaít babagsak din

Ayon kay DA Sec. Proceso Alcala, mananatili pa ring layunin ng kanyang kagawaran na maihatid ang sapat na kanin at iba pang staple food sa hapagkainan ng bawat pamilyang Pilipino sa pamamagitan ng pagbuo ng Food Staples Sufficiency Program sa ilalim ng Agrikulturang Pinoy. 21.11 milyong tonelada ang balak na maiambag pa na palay sa katapusan ng 2013 at 22.49 milyong tonelada naman sa katapusan ng termino ng P-Noy sa 2016. Kabilang sa mga planong nailatag upang marating ito ang pagpapabuti at modernisasyon ng teknolohiyang gagamitin sa pag-ani ng palay.

Hindi nahuhuli ang sektor sa planong ito: kamakailan lamang, nilagdaan ng ating Presidente ang Republict Act No. 10601 o "An Act Promoting Agricultural and Fisheries Mechanization Development in the Country" (AFMech) na naglalayong maitaas ang kalidad ng makinaryang pampalayan upang mapabilis pa ang produksyon ng palay na mayroong karampatang pagtaas sa kita ng mga magsasaka. Ngunit katulad na lamang ng ibang negosyo kung saan naiipit sila sa pagpili sa pagitan ng manggagawa o kaya ng kakulangan sa teknolohikal o mekanikal na kapital, nananatili pa ring mainit sa mata ng iilan ang nasabing batas. Bukod pa rito, nakabitin pa rin ang tanong tungkol sa kakayahan ng Pilipinas sa pag-unlad sa nasabing larangan.

MEKAYA BA MEKANIS

DAAN TUNGO SA MODERNISASYON

Hindi na bago ang ganitong lehislatura na nakatuon sa modernisasyon ng sektor ng agrikultura. Sa katunayan, bago pa man mabuo a maaprubahan ang AFMech, naitatag na noong taong 2007 ang Agriculture and Fisheries Modernization Act (AFMA) sa ilalim ng pamumuno ni dating pangulong Fidel V. Ramos. Katulad ng AFMech, layunin din nitong gawing makabago ang sektor ng agrikultura at palaisdaan sa pamamagitan ng pagsuporta sa pananaliksik, edukasyon, imprastraktura at iba pang aspeto na makabubuti para rito.

Subalit, mas naging tiyak at konkreto ang AfMech Law sa mga probisyon ng AFMA dahil layunin nito ang maisagawa ang mga angkop na hakbang ng mekanisasyon para sa agrikultura at palaisdaan. Kasali na rito ang pagbibigay ng insentibo sa kung sinuman ang makapag-iimbento ng sariling makinarya para sa pagpapaunlad ng produksiyon ng palay rito sa Filipinas.

Isang magandang probisyon ng nasabing batas ang pag-unlad ng iba pang industriya, hindi lamang ng agrikultura. Halimbawa ng ibang industriya na tinutukoy nito ay ang mga pagawaan ng metal, steel at iron na pinagkukuhaan ng mga hilaw na materyales na gagamitin sa paggawa ng kakailanganing teknolohiya at makinarya para gamitin sa mga operasyon sa agrikultura at palaisdaan.

Mas mapabubuti at mapabibilis din ang kalidad at proseso ng produksyon ng agrikultura at palaisdaan sa pag-unlad ng mga mekanarya. Sa mas organisado at mekanisadong pamamahala dala ng mekanisasyon ay nagiging mas handa ang mga magsasaka o mangingisda sa anumang mararanasang poblema lalo na sa hindi inaasahang delubyo dala ng panahon. Ang karaniwang suliranin sa mga sektor ng agrikultura at palaisdaan ay ang pinsalang dulot ng panahon ng tagtuyo at tagulan. Sa pakikipagtulungan ng PAGASA, mas naaabot at natutugunan ang mga pangangailangan ng mga magsasaka sa pagplano ng araw ng pag-ani. Resulta nito ang maagap na paghahanda ng mga magsasaka pagdating sa seguridad ng suplay ng palay.


KARERA SA LARANGAN NG AGRIKULTURA

Madalas na maliitin ang mga trabaho na may kinalaman sa pagbubungkal ng lupa. Mas may pagkiling ngayon sa pagiging sanay sa paghawak ng mga makinarya, kaysa mismong pag-araro at tahasang pagbabad sa ilalim ng mainit na araw. Nakakalimutan na natin na isang agrikultural na bansa. Ang agrikultura at ang palaisdaan man ang siyang pinagmamalaking angkat ng ating bansa, mayroon pa rin itong mga problemang dinadaing, partikular na sa aspeto ng mekanisasyon at pagpapaunlad.

Sa mahinang estado ng research and development (R&D) sa bansa, hindi maiiwasan ang pagkuwestiyon sa kakayahan ng Pilipinong makapag-ambag ng inobasyon pagdating sa mekanisasyon. Ang agrikultura at palaisdaan na siyang maituturing na isa sa mga pinakamalaking likhang yaman ng bansa ay nakararanas ng samu't saring hamon sa aspeto ng mekanisasyon pati na rin sa produksyon kung ikukumpara sa isang bansa.

Ayon kay Dr. Manny Regalado, Acting Deputy Executive Director for Research & Scientist I ng Department of Agriculture-Philippine Rice Research Institute, ang estado ng mekanisasyon sa Filipinas ay kasalukuyang hindi sapat upang maibalik ang bansa sa karera ng produksyon ng palay. Lumalabas na nahuhuli na tayo kumpara sa kalapit na mga bansa tulad ng Thailand at Vietnam. Kung pagbabasehan ang rice production output ng Japan at Korea, mas nakalalamang ang kanilang labor productivity kaysa sa Filipinas. Aabot mula 80 hanggang 100 kilo ng bigas

nina Mawe Duque at KD Montenegro
sining ni Caroline Carmona
kuha ni Khalil Redoble
lapat ni Jami Cudala



SA SASYON? MEKAYA DIN BA ANG PINOY?

kada tao ang nagagawa ng mga nasabing bansa habang ang mga magsasakang Pilipino ay umaabot ng 40 kilo ng bigas bawat tao.

R&D NG FILIPINAS

"Siguro ang bibigyan ng pansin ngayon ay palalawakin [ang] R&D para makapag-develop pa tayo ng iba pang makinerya na aakma sa atin." Ani Eden Gagelonia, Head ng PhilRice-Rice Engineering & Mechanization Division. Resulta ng layuning pagpapalawak ng R&D ng bansa ang pagpapataw ng hamon sa sektor ng R&D sa Filipinas upang mapabuti pa ang pag-aaral ng kasalukuyang estado ng agrikultura sa bansa. Ito ang siyang nangunguna sa mga adhikaing makatutulong sa pag-asenso ng pananaliksik sa sektor ng agrikultura at palaisdaan gaya ng pagsulong ng mga makabagong teknolohiya na mag-aambag sa mas epektibong produksyon ng ating bansa. Nakapaloob sa R&D ang iba't ibang institusyon na pareho ang layunin lalo na sa mga nasabing sektor. Kabilang dito ang Philippine Center for Postharvest Development and Mechanization (PhilMec), University of the Philippines Los Baños (UPLB), PhilRice at Philippine Rice Research Institute (PRRI).

Dadaan muna sa Department of Budget and Management ang pondong nakalaan para sa R&D mula sa gobyerno bago mailalaan sa Bureau of Agricultural Research na siyang direktang tagapamahala sa budget na gagamitin ng R&D. Para sa 2013, tinatayang aabot sa isang bilyong piso ang pondo subalit hindi ito limitado lamang sa mekanisasyon na siyang target ng AFMech Law. Kabilang sa pondong ito ang iba pang programa para sa produksyon pati na rin ang ibang larangan ng siyensiya. Ayon kay Dr. Regalado, panukala ngayon ng PRRI na makalikha ng alternatibong enerhiya para sa pagpapatakbo ng agrikultura. Para dito, inaasahan na 15 milyong piso ang mailalaan para mapatupad ang nasabing proyekto.

TAO, TEKNOLOHIYA AT TRABAHO

Ngunit kabilang sa pag-asenso ng mekanarya dala ng progresibong AFMech Law, nagkakaroon naman ng posibilidad ng labor displacement. Maaaring maging epekto ng nasabing batas ang pagbawas ng oportunidad at trabaho para sa mga Pilipinong nasa larangan ng agrikultura. Pinabulaanan at itinanggi naman ito nina Regalado at Gagelonia.

Nilinaw nila na wala namang mawawalan ng trabaho bago pa man gamitin ang teknolohiya. Karamihan sa mga kabataan sa rural na lugar, nag-aaral at nagsisikap upang makatrabaho sa lungsod; dahil dito wala nang natitira sa mga bukirin. "Sa ngayon at tight nga ang supply ng labor, ano pa bang madidisplace ng tao?" Dagdag pa ni Gagelonia, inihayag niyang sa lugar nila mismo sa Nueva Ecija ay nakararanas rin sila ng labor shortage sa kawalan ng mas epektibong pag-aseso sa mga lugar na angkop maabutan ng proseso ng produksyon. Naaantala ang mga operasyon sa araruhan o sa palaisdaan na nagdudulot ng mas malaking pinsala sa pangkalahatang produksyon ng mga manggagawa. Mariin niyang itinanggi na magkakaroon ng kawalan ng trabaho sapagkat para sa kaniya, higit na marami pa raw na magagawa ang mga magsasaka sa tulong ng mga makinaryang magpapabilis sa kanilang produksyon.

BENEPISYO AT INSENTIBO?

Kung ikukumpara sa benepisyong nakukuha ng mga nasa larangan ng agrikultura sa ibang bansa, mas maliit ang nakukuha ng mga magsasakang Pilipino. Ito ang madalas na idinadahilan kung bakit wala na ngang

naiiwan dito sa ating lupang sinilangan para manatiling magmando sa ating sektor, dahil mas maganda ang mga oportunidad sa ibang bansa. Nakapanghihinayang na kung titingnan ang ilang mga produkto, karamihan sa mga nakukuhang disenyo ng ibang bansa sa Asya tulad ng Vietnam at Thailand ay galing sa Pilipinas. Naging mas magaling ang mga nasabing bansa sa komersalisasyon at maramihang produksyon nitong mga makineriya at teknolohiya, 'di tulad sa Pilipinas na wala ni sariling lakas panggawa para makalikha ng lokal na produkto.

Isang konkretong halimbawa ng problema sa manufacturing ng Pilipinas ay ang tuluyang pagdala ng Vietnam sa gawa ng Pinoy na rice mini-combine harvester, na may kayang umani ng isang ektaryang palayan sa isang araw kasama na ang iba pang proseso tulad ng threshing at bagging. Sa taong 2002-2003, pinondohan ng banyagang engine manufacturer na Briggs Straton ang disenyo ng PhilRice para mabuo ang harvester. Sa kondisyong ito, dinala ng kompanya ang disenyo ng Pilipinas sa bansang Vietnam kung saan mas nasustentuhan ang nasabing imbensiyon. Nakakagawa sila ng hihigit pa sa 2000 na unit, samantalang ang Pilipinas ay di man lamang makaabot ng 50 na unit.

Alinsunod sa balangkas ng batas, layunin ng AFMech Law na maisulong ang epektibong pagsasanay sa mga manggagawa para mas mapalinang ang sektor ng agrikultura at palaisdaan ng Pilipinas. Ang ikinababahala nga lang ng gobyerno rito ay ang posibilidad ng kawalan ng kakayanan at utak matapos silang sanayin. Sa laki ng mga benepisyo ng manggagawa sa ibang bansa, mas nahihikayat ang mga Pilipino na iwan na lamang ang Pilipinas at habulin ang mas maginhawang pamumuhay sa labas.

TUNGO SA SELF-SUFFICIENCY

Bagama't maituturing na magandang batas ang RA 10601 bilang itinataguyod nito ang pagpapalawak ng inobasyon dito sa Pilipinas na maaaring magresulta ng pagpapabuti ng ranko ng Pilipinas sa produksyon ng palay, kaakibat nito ang karampatang pondo na dapat mailaan ng gobyerno para rito.

Bukod pa rito, kailangan ring masiguro ng gobyerno ang kapakanan ng mga Pilipino, gaya ng paghikayat sa kanila na manaliksik, o manatili man lamang sa bansa upang mapaunlad ang mga sakahan at palayan, at matulungan ang kapuwa magsasaka. Maituturing na badyet ang pinaka isyu dito sapagkat ang pundasyon ng programa ay ang pagbibigay ng insentibo na nagsisilbing tagahikayat at para maisiguro na ang mga makinaryang ating gagamitin ay episyente at mataas ang kalidad sa matagalang paggamit nito. Kailangan ring maisiguro ng pamahalaan na sa pagpapabuti ng estado ng teknolohiya dito sa Pilipinas ay ang kaniyang responsibilidad na siguraduhing hindi nito napapalitan ang hanapbuhay ng ilan sa ating mga manggagawa.

Sa kabila ng mga isyung kakambal ng mga nasabing programa, panatag pa rin si Sec. Alcala na maaabot ng bansa ang inaasahang target upang masabi na food self-sufficient ang bansa. Ngayong 2013 din ang marka na nasa kalahati na tayo ng administrasyon ng Pangulo. Ngayong nagkaroon na ng mga konkretong hakbang upang maisulong at maipagmalaki pa an gating likas yaman na agrikultura, hamon ng proseso ng nararapat na paglaan ng pondo ang isa sa mga haharaping isyu na kailangang bigyan ng pansin upang maibalik ang Pilipinas sa mapa ng mga bansang nangunguna sa pag-export ng palay sa ibang bansa.



SIGURO ANG BIBIGYAN NG PANSIN NGAYON AY PALALAWAKIN [ANG] R&D PARA MAKAPAG-DEVELOP PA TAYO NG IBA PANG MAKINARYA NA AAKMA SA ATIN.

EDEN GAGELONIA
PHILRICE RICE ENGINEERING AND MECHANIZATION DIVISION

PAGPAPANAGOT SA PINAS: KUWENTO MO SA PAGONG

ISA ITONG PAGBUSISI KUNG PAANO INUUDLOT NG MGA 'DI MARESOLBANG KASO ANG ROADTRIP NATIN SA "DAANG MATUWID."

ni Alexander Dungca
may ulat nina Jonnel Inojosa, Geneve Guyano
sining ni Khalil Redoble

HUSTISYA: Salitang walang humpay na isinisigaw ng libo-libong Filipinong biktima o apektado sa mga nakabinbing kasong patuloy na hindi mabigyan ng resolusyon ng mga itinuturing nating kataas-taasan. Nakapagtataka na ito rin ang salitang nakatali sa mga pangako, plataporma at adhikain ng kasalukuyang administrasyon na ngayo'y walang imik o makatarungang tugon sa tuwing tatanungin ng "Nasaan ang hatol? Nasaan ang parusa? Bakit di na lang totohanin ang lahat?" Marahil ay binabasa mo ito at iniisip mong gasgas na ang ideyang ito. Hindi ka nagkakamali. Inuulit lang dahil hangga't hindi sapat ang kaalaman ng lahat para itulak sa tamang pagkilos ang mga taong pinagkatiwalaan ng boto ng sambayanan, walang saysay ang salita na nasa umpisa ng talatang ito.

Sa akin ang Tondo, sa iyo ang Cavite
Ang salitang sistema sa justice system ay patunay na ang aspektong ito ng lipuna'y binubuo ng iba't-ibang proseso. Sa panayam kay Arjan Aguirre, propesor mula sa Kagawaran ng Agham Politikal ng Ateneo, nabanggit niya ang mga prosesong ito at nagbigay-komento rin sa bawat isa.

Di umano, walang pinagbago ang pagtalakay sa proseso ng pagpapanagot: Dito na nga papasok ang mga inaamag nang kaso na kung hindi walang hatol, hindi madakip ang nais arestuhin. Walang nabanggit ang Pangulo sa mga hindi maresolbang kaso sa kanyang nakalipas na SONA. Senyales man ng pag-iwas o pagpapahalaga sa ibang bagay, malinaw na ang mga pagkatok sa justice system ay naisasantabi. Ani Aguirre, "Kung meron pa ring problema, nandoon 'yong pagkukulang."

Bilang buod ng situwasyon ng iba pang mga prosesong kalakip ng justice system, masasabing hindi ito nakatutuwa. Para kay Aguirre, lumalala ang kawalan ng kapayapaan at kaayusan dahil sa pag-usbong ng krimen, hindi pa rin sistematiko ang pag-iimbestiga, at kulang pa rin ang pondo para sa prosecution ng mga kaso. Kumpol-kumpol na nga ang mga kaso, sari-sari pa ang mga suliranin. Hindi tuloy makapag-road trip sa "daang matuwid".

"Isa pang nakita ko sa ngayon, walang pakikipagtulungan at coordination ang iba't-ibang ahensya. Parang meron silang sari-sariling mundo." Sa pahayag na ito tinutumbok ni Aguirre ang pinakamalaking balakid sa pag-unlad ng justice system ng bansa: Anumang reporma ang ikabit sa mga ahensiyang kaakibat ng Department of Justice, mapapawalang-saysay ito kung hindi sila magkakaisa at iiwanan ang nakasanayan para tuparin ang isang mas malalaking tungkulin: bigyang kahulugan ang hustisya.

POGI POINTS NI P-NOY

Sa kabila ng mga pagbabatikos, hindi rin naman dapat isantabi ang mga positibong naidulot ng Pangulo kaugnay ng justice system. Mabuting balita ang mga nadagdag na panibagong regional trial courts at municipal trial courts mula nang maluklok si P-Noy. Para kay Aguirre, ang mga pagdagdag na ito na makakatulong sa pagdinig ng mga kaso ay maaaring magdulot ng pagluwag ng ating sistema. Ganoon pa man, 'wag nating kalimutan na kung ano ang dami ay hindi laging katumbas ng magandang kalidad ng paglilitis.

"Siguro ang maganda lang within the P-Noy government and administration ay naha-highlight ang mga ganitong kaso at puwede nang pag-usapan." Ito naman ang positibong komento ni Carmel Abao patungkol sa sitwasyon ng hustisya sa bansa. Partial points para kay P-Noy dahil natumpak niya ang unang hakbang sa pagpapabuti ng justice system. Sa kabila nito, kapansin-pansin ang paggamit ni Bb. Abao ng salitang "lang" sa pahayag. Dito natin maaring balikan ang mga suliraning nabanggit sa itaas na magbibigay sa atin ng kalayaan na sabihan ang justice system ng "Tinimbang ka ngunit kulang." Pagbibigay-diin pa nga ni G. Aguirre, "May mga maliit na hakbangin ang administrasyong Aquino patungkol sa justice system pero para sa akin, hindi ito sapat."

ANG DAMING JASON BOURNE SA PINAS

"Parang either magaling na magaling sila tulad ni Jason Bourne or tayo talaga ang bano," sambit ni Abao. Kahit sino pa ang may kasalanan, nakakalungkot na hindi lang isa, hindi lang dalawa kundi sandamakmak ang mga nakatakas at patuloy na mailap mula sa mga mata ng hustisya. Bakit nga ba andaming nakakatakas? Bakit hindi maresolba ang mga kaso? Bakit ba hindi ka nakilala nang ika'y malaya pa?

Konektado ang huling tanong sa matunog na pangalan sa Pinas ngayon habang isinusulat ang akdang ito. Hulaan mo. "Tao

> **KUNG MERON PA RING PROBLEMA, NANDOON 'YONG PAGKUKULANG.**
>
> ARJAN AGUIRRE
> KAGAWARAN NG AGHAM POLITIKAL

ba 'to?" Oo. "Guilty ba 'to?" Puwede. "Posible bang distraction 'to para ilayo ang tingin sa mga prominenteng kasabwat niya?" Oo. "Nagsisimula sa letter N?" Oo. "Nonito Donaire?" Hindi. "May kinalaman 'yung pangalan niya sa patola?" Oo. "Si Napoles?" Tama.

Malabo man ang katatapos lang na talata, malinaw na ang sitwasyon ni Janet Lim Napoles, ang itinuturong mastermind ng pork barrel scam, ay representasyon ng magulong justice system na sanhi kung bakit ang mga may-sala, nagfi-feeling malaya. Tatlong buwan lamang ang nakararaan, dismissed ang kaso ng illegal detention laban kay Napoles at kapatid nito na isinampa ng biktima umanong si Benhur Luy, pagkatapos na-reconsider, pagkatapos binigyan sila ng warrant of arrest, 'tas after two days, citizens' arrest na ang pinagsisigawan ng pamahalaan. Ganoon na ba bigla kahalaga ang paghuli kay Napoles na agad silang nagdeklara ng malawakang agawang-biik? Maaring simula na ito ng pagpapatibay ng administrasyon sa pagpapanagot pero maaari rin na karagdagan lamang ito sa pabagu-bago nilang pagdedesisyon na kadalasan ay walang pinatutunguhan. Biik man o Jason Bourne, marahil ay kailangan nang makita ang kakayahan ng pamahalaan sa paghuli. M

Nasa kabilang pahina ang SMP: Sikat na kalaro ni PNoy pagdating sa taguan, patintero at mahuli-taya

SMP

Samahan ng Magagaling Pumuslit

Ang mga sikat na kalaro ni P-Noy ng taguan, patintero at mahuli-taya:



Carlos Mancao
at Ping Lacson
"Porkchop Duo"

Past Life: Dating General
(Mga) Kaso: Pagkatapos tanggapin ang kanyang plea bargain at dahil na rin sa kakulangan ng ebidensiya, napawalang-sala ang kaso ng plunder laban sa pamilya ni Garcia kapalit ng pag-plead guilty niya sa mga mas mababaw na kaso ng direct bribery at facilitating money laundering.
Ang Nakaraan: Kinumpirma ng Sandiganbayan ang pagpayag kay Garcia na mag-bail sa kaso ng bribery at money laundering kalakip ng pagsurrender ng 135 million worth of assets. Makakalaya si Garcia sa setyembre nang hindi man lang kinukumpleto ang 303 million na nasabing ninakaw niya.
Laro: Patintero
Sitwasyon sa Laro: Nadaplisan ni P-Noy ang braso niya pero pinabayaan lang kaya malapit na niyang marating ang base at matapos ang laro.



Carlos Garcia
"The One that Got Away"

Past Life: Dating General
(Mga) Kaso: Pagkatapos tanggapin ang kanyang plea bargain at dahil na rin sa kakulangan ng ebidensiya, napawalang-sala ang kaso ng plunder laban sa pamilya ni Garcia kapalit ng pag-plead guilty niya sa mga mas mababaw na kaso ng direct bribery at facilitating money laundering.
Ang Nakaraan: Kinumpirma ng Sandiganbayan ang pagpayag kay Garcia na mag-bail sa kaso ng bribery at money laundering kalakip ng pagsurrender ng 135 million worth of assets. Makakalaya si Garcia sa setyembre nang hindi man lang kinukumpleto ang 303 million na nasabing ninakaw niya.
Laro: Patintero
Sitwasyon sa Laro: Nadaplisan ni P-Noy ang braso niya pero pinabayaan lang kaya malapit na niyang marating ang base at matapos ang laro.



Jovito Palparan
"Major Major Naglaho"

Past Life: Dating Major General
Mga) Kaso: Kidnapping at Serious Illegal Detention (2011) dahil sa mga paratang na siya umano ang mastermind sa pagkidnap ng dalawang UP students na sina Karen Empeno at Sherlyn Cadapan noong 2006 na hanggang ngayon ay 'di pa natatagpuan. Nakasuhan din siya ng rape, serious physical injuries, arbitrary detention, grave coercion and grave threats, and maltreatment of prisoners pero na-dismiss ang mga ito dahil sa lack of merit.
Ang Nakaraan: Inalok ng pabuyang dalawang milyon ang sinumang makapagtuturo sa kanya.
Laro: Tagu-taguan
Sitwasyon sa Laro: Habang hinahanap ni P-Noy ang iba pang mga kalaro, nakapag-around the world na si Palparan (malamang hindi literal).



Jocelyn Bolante
"Magsasaka with Benefits"

Past Life: Dating Agriculture Undersecretary
(Mga) Kaso: Graft, Malversation of Funds at Plunder (2011) hinggil sa 728 million fertilizer fund scam. Wala pang desisyon.
Ang Nakaraan: Isang bagong witness sa kaso na si Benhur Luy ang sinusuri ng DOJ.
Laro: Patintero
Sitwasyon sa Laro: Malayang nagliliwaliw si Bolante sa field dahil nagsawa sa kaka-stretch ng kamay si P-Noy

NASAAN ANG 'PHIL' SA PHILHEALTH?

TUNAY NGA BANG NAGBIBIGAY NG BENEPISYO ANG PHILHEALTH PARA SA IKABUBUTI NG KALUSUGAN NG PILIPINO?

nina Donald Jay Bertulfo at Aby Esteban
kuha ni Khalil Redoble

Maituturing na malaking bahagi ang ginagampanan ng kalusugan sa kaunlaran ng isang bansa. Ayon kay Anna dela Cruz, propesor ng Kagawaran ng Development Studies sa Pamantasang Ateneo de Manila at dating kawani ng PhilHealth, may dalawang uri ng halagang ikinakabit sa kalusugan. Una rito ang tinatawag na instrumental na halaga o iyong halagang iginagawad sa isang bagay dahil sa potensyal na benepisyong maaaring makuha mula rito. Halimbawa nito ang pagbuo ng isang lakas-paggawa na malusog at produktibo, na siyang makatutulong sa pagpaparami ng produksyon at pagpapabawas ng bilang ng mga taong walang trabaho.

Sa ganang ito, mahalaga ang kalusugan sa pagganap ng isang indibidwal sa kanyang pang-araw-araw na tungkulin. Bilang halimbawa, nabanggit ni Dela Cruz ang masamang epekto ng malnourishment sa mga bata. Dahil hindi sapat ang kanilang kinakain, bukod sa hindi sila makapag-isip nang maayos ay nagkakaroon pa ng mga sikolohikal na implikasyon ang kagutuman tulad ng stress, pagkabahala, at depresyon.

Ikalawa naman ang intrinsikong halaga o iyong halagang ikinakabit sa isang bagay sa kadahilanang importante ito, mayroon man o wala itong kongkretong benepisyong maibibigay sa hinaharap. Kaugnay nito, maituturing na mahalaga ang kalusugan dahil sa panloob na kasiyahang dulot ito sa isang tao – halimbawa ang sayang dulot ng pagkakaroon ng isang matalas ng pag-iisip o mabilis na metabolismo.

Batay sa mga nabanggit, masasabing hindi lamang dapat tingnan ang kalusugan bilang isang bagay na makapagdudulot ng ekonomikong pag-unlad kundi bilang isang daan upang makamit ang mga bagay na tunay na makapagpapasaya sa kanya – yaong mga bagay na madalas ay hindi maikakahon sa mga numero; mga bagay na maaaring mas mainam na pantukoy kung ang isang bansa nga ba ay umuunlad o hindi.

KALAGAYAN NG KALUSUGAN

Ngunit kung ikukumpara sa ibang mga isyu, hindi maugong sa balita ang kasalukuyang estado ng kalusugan sa bansa. Tila tanggap na ng karamihan ang kalunus-lunos na kalagayan ng mga pampublikong ospital at ang matataas na presyo ng mga gamot – wala nang dahilan para magulat o maalarma.

Kaalinsabay nito, mahalagang bigyang pansin ang lagay ng isa sa mga pinakamalalaking insurance system ng bansa – ang PhilHealth, kung saan ang mga benepisyong natatanggap ng mga miyembro nito'y nakatutulong sa pagpapanatili ng kanilang kalusugan. Ano-ano ba talaga ang benepisyong maaaring kanilang makuha? Ano-anong pagbabago ang nailatag na ng kasalukuyang administrasyon sa sistema nito?

PHILHEALTH: MGA KASAPI AT MGA BENEPISYO

Nilalayon ng PhilHealth na maging abot-kaya para sa mga Filipino ang mga serbisyong pangkalusugan sa pamamagitan ng health insurance. Magbibigay ang bawat miyembro ng kani-kanilang mga kontribusyon upang sa gayon, masigurado nilang kahit papaano'y mayroon silang makukuhang benepisyo kung saka-sakaling magkasakit sila sa hinaharap. "Kahit sino ay maaaring kumuha ng PhilHealth. Sa katunayan, ideyal na dapat lahat may PhilHealth*," ani Dela Cruz.

Nahahati ang mga nag-aambag sa PhilHealth sa limang grupo: employed, indigent, individually paying, overseas workers at lifetime members. Kinakaltas sa sahod kada buwan ng mga employed members ang kalahati ng kanilang ambag sa PhilHealth at binabayaran nila ang kalahati.

Sa pamamagitan naman ng National Household Targeting System for Poverty Reduction (NHTS-PR) ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) naman nalalaman ng korporasyon ang magiging kasapi ng indigent program na galing sa mga pinakamahihirap na pamilya sa bansa. Sapagkat walang kakayahang magbayad ng buwanang kontribusyon, sinasagot ng gobyerno ang kanilang premium.

Kabilang naman sa individually paying members ang mga tinaguriang self-employed at mga self-practicing professionals. Sila ang magpapasya kung nais nilang kumuha ng PhilHealth.

Nabibigyang-benepisyo rin ang mga land-based OFW workers at kanilang dependents ng Philhealth pati na ang mga retiradong nakapag-ambag na ng 120 buwanang kontribusyon o higit pa. Sila ang mga kasapi ng overseas workers at lifetime members program ng PhilHealth.

Hindi lahat ng sakit ay sakop ng mga benepisyo ng PhilHealth. May tala sila ng mga sakit at serbisyong pangkalusugan na

KAHIT SINO AY MAAARING KUMUHA NG PHILHEALTH. SA KATUNAYAN, IDEYAL NA DAPAT LAHAT MAY PHILHEALTH.

ANNA DELA CRUZ
DEPARTMENT OF DEVELOPMENT STUDIES

sakop ng insurance. Dagdag pa rito, may sistema ng pagbibigay ng benepisyo ang PhilHealth. "Ang case rate ay isang paraan ng pagbabayad kung saan nakatakda na ang halaga ng benepisyo para sa operasyon o karamdaman na sanhi ng pagpapa-ospital. Sa ganitong paraan, alam na ng miyembro kung magkano ang sagot ng PhilHealth bago pa man ma-ospital," ayon kay Jun Hagoriles, Planning Officer ng PhilHealth. Pantay-pantay ang halaga ng benepisyong makukuha ng bawat miyembro depende sa karamdaman. Hindi nakabatay sa laki ng naiambag ng isang miyembro ang laki ng benepisyong makukuha niya.

SISTEMA

Ayon kay Dela Cruz, gumagana ang PhilHealth base sa tinatawag na risk pooling. Maihahalintulad ito sa "class fund" kung saan may kinokolektang tiyak nang halaga mula sa bawat mag-aaral upang gamitin sa oras ng pangangailangan, ngunit naiiba sa pension fund ng Social Security System (SSS) kung saan may ihinuhulog ang isang miyembro kada buwan at ang perang kanyang naipon at napalago sa pamamagitan ng pamumuhunan ay para sa kanyang pagkonsumo lamang. "'Pag insurance kasi, it's a pay-as-you-go system. Kung sino ang mangailangan, doon pupunta ang pera. Kaya kapag hindi ka nagkasakit, hindi mo na makukuha ang pera mo.*"

Dagdag ni Dela Cruz, episyente ang risk pooling sapagkat masisigurado nito na sa pangkalahatan, kakasya ang pondo upang mapaglaanan ang mga nangangailangan ng tulong-pinansyal sa kalusugan. Kapag mas malaki ang sistema, mas malaki rin ang perang maaaring magamit sa oras ng epidemya o matinding sakuna. Aniya, "Mas maganda kung buong bansa [ang mayroong PhilHealth] kasi kahit na magkaroon ng problemang pangkalusugan sa ibang parte ng bansa, kaya pa ring maibsan ang problema dahil nakapagbabayad naman ang mga mamamayan sa mga lugar na hindi naapektuhan ng problema. Hindi mababangkarote ang sistema.*"

PHILHEALTH SA ILALIM NG ADMINISTRASYONG AQUINO

Ayon kay Hagoriles, may mga pagbabagong naganap at nagaganap sa PhilHealth sa ilalim ng administrasyong Aquino. Kasakuluyang pinalalawig ang programang Primary Care Benefits (PCB) na nagbibigay ng karagdagang serbisyo, paunang lunas, at gamot sa mga indigent members. Pinaiigting din ang pagkilala sa mga pinakamahihirap na mamamayan upang mapabilang sila sa indigent program kaugnay ng mandato ng presidente (Aquino Health Agenda) sa pamamagitan ng NHTS-PR.

Isa pa sa mga hakbanging ipinatutupad ng PhilHealth upang masiguro na nabibigyang-halaga ang marhinalisado sa programa ang istriktong implementasyon ng No Balance Billing. "Wala nang dagdag na bayad kung sponsored member (o indigent member) ang mag-a-avail ng ating mga case rates sa mga pagamutang pag-aari ng pamahalaan at mga non-hospital facilities gaya ng dialysis centers, birthing homes, lying-in clinics, ambulatory surgical clinics at iba pa. Sagot na ng PhilHealth case rates ang bayad nila para sa government hospitals at doktor, basta accredited ng PhilHealth ang mga ito," ani Hagoriles.

Sinisigurado na rin umanong magagamit ng mga mahihirap ang kani-kanilang mga benepisyo kahit hindi pa sila kasapi ng PhilHealth. "Ayon sa Republic Act (RA) 7875 as amended by RA 9241 Section 7, lahat ng mga mahihirap na hindi pa PhilHealth members ay kailangan mabigyan ng priyoridad sa paggamit o pag-a-avail ng serbisyong pang-ospital. Mayroon na tayong paunang walong pampublikong ospital (point of care) na nagpapatupad nito. Ayon sa Thrust ng Kalusugang Pangkalahatan (KP), kahit na wala pang sapat o kulang pa ang premium payment mabibigyan pa rin sila ng sapat na serbisyong [pampubliko]. Plano ng ating gobyerno na bago matapos ang taon 2013, lahat ng pampublikong ospital ay may kakayahan [nang] magbigay ng membership enrollment sa bawat mahihirap," ayon kay Hagoriles. Mayroon din umanong 35 bilyong

pisong itinalaga para sa national subsidy na magagamit sa pagpapaospital sa darating na taong 2014. Tinatayang may 14.7 milyong pamilya o 51 milyong katao ang matutulungan ng halagang ito.

MGA SULIRANIN AT BALAKID

Sinasabing ideyal na sitwasyon ang pagkakaroon ng PhilHealth ng bawat Filipino. Ngunit mahalagang tanungin kung paano maisasakatuparan ito kung hindi mandatory para sa mga self-employed at self-practicing professionals ang PhilHealth. Masasabi kayang ganap ang "Phil" sa PhilHealth kung hindi lahat ng Filipino ay sakop nito?

Ayon kay Dela Cruz, dahil nga makapipili ang mga kasapi ng individually paying program na hindi kumuha ng PhilHealth, kailangan gumawa ng mga paraan ang nasabing korporasyon upang ma-enganyo ang mga empleyado nito na maging kasapi ng PhilHealth. Kaya nga lamang, dahil kinakailangang pumunta sa PhilHealth office upang magbayad buwan-buwan ang mga individually paying members, karamihan sa kanila ay hindi na tumutuloy dahil sa abalang magpabalik-balik sa ahensya. Bukod pa roon, marami sa grupong nabanggit ay nakaririwasa na sa buhay kaya sa tingin nila'y hindi na nila kakailanganin pang maging miyembro.

Marami rin aniyang may ayaw sa sistema nito sapagkat kadalasang hindi naman napupunta sa kanila ang buwan-buwang ibinabayad sa ahensya kung hindi sila magkakasakit. Iniisip nilang hindi nila mapakikinabangan ang kanilang ibinabayad. Ngunit ayon kay Dela Cruz, bahagi ito ng kampanya ng PhilHealth para sa social solidarity – iyong pagnanais na tumulong sa ibang tao at ang pagkakanya-kanya ay isang kultural na aspeto na nag-iiba-iba base sa konteksto ng bansa.

Problema rin ang hindi pagbabayad ng ilang employers ng kontribusyon sa PhilHealth ng kani-kanilang mga manggagawa. Kung minsan, akala ng mga empleyadong buwan-buwang nakakaltasan ang sahod nila upang ipambayad sa nasabing ahensya ngunit malalaman na lamang nilang hindi pala sila nakapagbabayad ng monthly premium sa oras na kinakailangan na nilang gamitin ang PhilHealth nila. Maging ang mga kontraktwal, nakararanas din ng mga problema sapagkat hindi sila nakakukuha ng mga benepisyo kabilang na ang sa PhilHealth.

Bukod sa hindi lahat ng mahihirap ay sakop ng NHTS-PR gayong gumagawa naman umano ng paraan ang pamahalaan na palawigin ang sakop ng kanilang sponsored members, mas malaking problema ang kakulangan sa impormasyon para sa mga mahihirap. Una, hindi alam ng iba sa kanila na miyembro na sila ng PhilHealth. Pagbabahagi ni Dela Cruz, "Nakapunta ako sa ilang lugar kung saan 80%-90% ang miyembro ng microinsurance institutions pero kapag kinapanayam mo sila at tinanong mo, 'O, ilan sa inyo ang miyembro ng PhilHealth,' sa humigit-kumulang na 100

LAHAT NG MGA MAHIHIRAP NA HINDI PA PHILHEALTH MEMBERS AY KAILANGAN MABIGYAN NG PRIYORIDAD SA PAGGAMIT O PAG-A-AVAIL NG SERBISYONG PANG-OSPITAL.

JUN HAGORILES
PHILHEALTH

na tinanong ko, siguro mga dalawa lang ang nagsabi nang 'oo'. Ang hindi nila alam, [bahagi ng insurance na binabayad nila ay napupunta sa PhilHealth]*."

Pangalawa, hindi nila alam kung paano makukuha ang mga benepisyo. Ayon kay Dela Cruz, nahihiyang magtanong ang ilan sa kanila samatalang ang ilan nama'y hindi alam ang gagawin kapag binigyan ng forms kung kaya hindi na lang uusad sa proseso. Malaki rin daw ang epekto ng kultura lalo na sa mga katutubong pangkat dahil karamihan sa kanila ay hindi komportable sa ospital.

Ani Hagoriles, may ginagawa naman ang pamahalaan upang maibsan ang problema sa kakulangan sa impormasyon ng mga miyembro. "[Ginagawa namin ito] sa pamamagitan ng aming tuloy-tuloy na Information and Education Campaign o IEC na isinasagawa sa halos lahat ng lalawigan ng ating bansa sa pamamagitan ng aming mga PHilHealth Regional Offices (PROs) at Local Health Insurance Offices sa pakikipagtulungan at suporta na rin ng ating mga lokal na pamahalaan."

Kabilang sa mga kampanya ng pamahalaan upang makapagbahagi ng impormasyon ang PhilHealth Mobile Orientation, Validation and Enrolment Scheme (MOVES) sa mga lalawigan at barangay, at ang PhilHealth EXPRESS sa mga matataong lugar tulad ng mga mall, pampublikong terminal at mga munisipyo. Mayroon din umanong itinalagang PhilHealth Customer Assistance, Relations and Empowerment Staff (CARES) sa mga ospital para sa direktang pakikipag-ugnayan sa mga empleyado ng PhilHealth.

Ayon kay Dela Cruz, mas mapabubuti ang serbisyo ng PhilHealth kung magkakaroon ng tinatawag na market segmentation. Sa nasabing sistema, iba-iba ang pagtratong gagawin sa bawat grupo base sa kanilang pangangailangan. Kumbaga, iba ang istratehiyang dapat gawin sa bawat grupo upang maiangkop ang mga serbisyo sa patutungkulan nito.

Kaunlaran at kalusugan

Hindi mapasusubalian ang laki ng pagpapahalaga ng mga Filipino sa kalinisan at kalusugan. Halimbawa, hindi magkandaugaga ang mga nanay kapag nakikitang marungis, napapansing nangangayayat, nanlulupaypay o nag-aapoy sa lagnat ang kani-kanilang mga anak. Ang araw-araw na pagligo at ang simpleng pagpapahalaga sa tubig sa maraming aspeto tulad ng relihiyon ay makapagpapatunay rin sa nasabing kaugalian ng mga Filipinong manatiling malinis, sa paniniwalang mahalaga ito upang manatiling malayo sa pagkakasakit.

Sa pangkalahatan, may mga isinasagawang mga reporma sa PhilHealth at nagpapatuloy ang paglago nito bilang isang GOCC. Subalit maraming suliranin pa ang kailangang plantsahin. Bukod sa pagbibigay ng pinansyal na tulong sa mga mamamayan, mainam ring tingnan ang ibang anggulo tulad ng problema sa pagpapakalat ng impormasyon upang sa gayon, mapakinabangan ng lahat ang perang inilaan para sa kapakanan ng sarili at ng buong bayan. Bukod pa rito, mahalagang maging mulat sa mga serbisyong inilalaan ng gobyerno ang mga mamamayan upang matalos nila na may karapatan silang gamitin ito nang sa gayon hindi ito mapunta sa wala.



**Isinalin mula sa Ingles.*

MGA REKISITO SA PAG-AAPPLY PARA SA PHILHEALTH CARD

ULAT NI DEN NOBLE
SINING NI DYAN FRANCISCO

Unang Hakbang

Punan ang mga hinihinging impormasyon sa application form na maaaring makuha online sa philhealth.gov, o kaya'y tumungo sa malapit na opisina ng Philhealth upang makuha ito.

philhealth.gov

PHILHEALTH

Ikalawang Hakbang

Ilakip sa napunang form ang mga hinihinging dokumento ukol sa ibang maaaring makinabang sa Philhealth membership ng aplikante, hal. pamilya.

Ikatlong Hakbang

Bayaran ang kaukulang halaga sa cashier.

Mga Benepisyo ng Pagkakaroon ng Philhealth ID Card:

Subsidy para sa operating room, x-ray at ibang prosesong medikal na isinasagawa sa mga laboratoryo, hospital room at board, professional fee para sa mga na-confine nang hindi bababa sa 24 oras.

Ang mga nagnanais na maging miyembro na kumikita ng 25,000 piso pababa buwan-buwan, kinakailangang magbayad ng 450 piso kada tatlong buwan. Ang mga kumikita ng 25, 000 piso pataas buwan-buwan, kinakailangang magbayad ng 900 piso kada tatlong buwan.

Ang Winiwika ng Sistema ng Edukasyon: Paggamit ng Mother tongue sa Pagturo

Gaano kaepektibo ang ipinapatupad ngayong polisiya ng Kagawaran ng Edukasyon tungkol sa pagtuturo ng mga asignatura gamit ang mother tongue?

nina Toph Doncillo at Andy Tubig; sining ni Jeffrey Agustin

Epektibo ba ang paggamit ng mother tongue sa pagtuturo ng mga asignatura? Para sa mag-aaral na si Manuel Rigor, na isang Kapampangan, natural ay higit na mas maiintindihan ang mga asignatura sa paaralan kapag ang mga ito ay tinuro gamit ang wikang kinalakhan.

Ngunit sa palagay ni Manuel, mayroon pa ring mga bagay na mas kailangan ng taong matutunan gamit ang wikang Ingles, o ang itinuturing na wikang ginagamit ng lahat. "Oo, siguro sa una mas magiging komportable ako kapag Kapampangan ang ginamit," paliwanag ni Manuel. "Pero kapag tumagal, siguro hindi na mas mahalaga kung Ingles ang gamiting medium of instruction sa mga paaralan. Maliban sa mas maraming nakaiintindi ng wikang Ingles, kakailanganin ito ng mga mag-aaral upang mas maiging makipagdiskusyon sa iba't ibang tao lalo na sa mga dayuhan."

Para naman kay Thea Uyguangco, walang matinding pagbabagong maidudulot kung sakaling gamitin ang kanyang wikang nakalakihan. "Pareho lang ang magiging epekto kung ang asignatura'y itinuro sa Filipino o Ingles. Kasi, halimbawa, hindi porket ang wikang Bisaya ang madalas kong ginagamit ay mas madali ko nang maiintindihan kumpara kapag tinagalog. Hindi ko naman alam lahat ng salita sa Bisaya." Ibang usapan naman di umano kung resitasyon: "Kasi kung ang wikang Bisaya ang gagamitin ko, sa tingin ko mas mabuti kong mailalahad ang mga nais kong sabihin."

Tiyak na mahalaga ang wika para sa kahit na sino. Malaking bahagi ito ng buhay ng tao sapagkat ginagamit ito bilang paraan ng komunikasyon sa kaniyang kapuwa. Araw-araw, ginagamit ang wika sa paglalahad ng damdamin at saloobin, paghahanap ng mga kasagutan sa mga pang araw-araw na ideya, at pagbabahagi ng mga opinyon at kaalaman. Dito pumapasok ang kahalagahan ng wikang ginagamit sa pagtuturo ng mga asignatura sa paaralan sapagkat dito nakasalalay ang kakayahan ng mga mag-aaral na matuto. Ang wikang ginamit sa pagturo ay isa sa mga batayan kung hanggang saan lang ang kanilang natutunan at naintindihan.

Sa kasalukuyan, patuloy na binibigyang pansin pa rin ng gobyerno ang estado ng edukasyon sa Filipinas. Isa sa pinakabagong programang sinimulan ng gobyerno ukol dito ang programang K to 12 na nagdagdag ng dalawang taon sa kasalukuyang 10 taon ng edukasyon ng mga mag-aaral. Kabilang sa mga pagbabagong dulot ng programang ito ang paggamit ng mother tongue ng mga estudyante sa pag-aral ng iba't ibang asignatura.

KASI KUNG 'DI PA NATIN GAGAWIN NGAYON, KAILAN PA? MABUTI NANG MAGKAMALI HANGGA'T MAAGA PA.

RICHARD DE GUZMAN
PAMANTASANG ATENEO DE MANILA

MTB-MLE

Kasama sa 10-point education agenda na plataporma ni Pangulong Aquino sa kanyang administrasyon ang pagtuturo gamit ang mother tongue. Simula nang maitatag ang programang K to 12 sa bansa, nagtuloy-tuloy ang mga hakbang ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) para ihanda ang mga guro para sa pagsisimula ng implementasyon ng Mother Tongue-Based Multilingual Education o MTB-MLE.

Ayon kay dating senador Edgardo Angara, isa sa mga tagasuporta ng polisiya, base sa mga pag-aaral na kanyang sinaliksik, ang mga mag-aaral na tinuturuan gamit ang wikang kanilang kinalakihan ay mas mabilis natututo dahil nakukuha kaagad nila ang mga konsepto. Sabi rin niya na isa itong paraan upang maiangat ang sistema ng edukasyon at maipakita sa buong mundo na may kakayahan ang mga Filipino.
Ginagamit ang sistema ng MTB-MLE mula sa nibel ng kindergarten hanggang sa ikatlong baitang, kung saan lahat ng asignatura, maliban sa Ingles at Filipino, ay itinuturo sa mother tongue. Maliban dito, may isa ring asignaturang nakalaan mismo sa mother tongue para ituro ang bokabularyo o ortograpiya nito. Kasalukuyang nasa 19 na lengwahe o dialekto ang ginagamit ngayon: Tagalog, Kapampangan, Pangasinense, Iloko, Bikol, Cebuano, Hiligaynon, Waray, Tausug, Maguindanaoan, Marano, Chabacano, Ivatan, Ibanag, Sambal, Kinaray-a, Aklanon, Surigaonon at Yakan.

Sa kanilang pagtatapos sa ikatlong baitan, dadaan ang mga mag-aaral sa isang transition program mula Grade 4 hanggang Grade 6. Layunin nitong matulungan ang mga mag-aaral bilang paghahanda sa ikapitong baitang, kung saan parehong Ingles at Filipino na ang magiging medium of instruction.

Sa panayam kay Elvin Uy, coordinator ng K to 12 na namamahala sa pagbabatas ng nasabing programa, hindi ito ang unang pagkakataon na nagkaroon ng pag-uusap ukol sa sistema tulad ng sa K to 12, at hindi na bago ang paggamit ng mother tongue sa pagtuturo. Aniya, "Kung MTB-MLE ang pag-uusapan natin, matagal na siyang



ginagawa ng iba't ibang mga guro. Matagal na rin itong pinagdidiskusyunan nang maigi ng nakaraang administrasyon, ngunit parati itong naantala."

Isa sa mga punto o proyekto ng Basic Education Sector Reform Agenda (BESRA), isang malawakang adyendang inilunsad noong 2005 upang maisaayos ang sistema ng edukasyon sa bansa, ay ang paggamit ng mother tongue bilang instrumento sa pagturo. Ngunit naging magulo ang proseso sa pagpapatupad nito ayon kay Uy. Noong una, maraming sumang-ayon na maganda ang ideya ng pagtuturo gamit ang mother tongue, ngunit may mga mambabatas din na nagsabing hindi maaaring isakripisyo ang kahusayan sa pagsasalita ng Ingles.
"'Yong 10-point education agenda ng ating pangulo, inilabas na niya ito noong kandidato pa lamang siya," kanyang pagpapatuloy. "Mayroon siyang grupo ng mga akademiko na tumulong sa kanyang likhain ito. Dito lumabas ang MTB-MLE bilang isang priyoridad ng administrasyon ngayon."

PAGPILI NG MOTHER TONGUE

Ano-ano ang magiging pamantayan ng kagawaran sa pagpili ng lengguwaheng gagamitin sa mga eskwelahan? Sinabi niya na depende ito kung handa na ang wika para gamitin bilang pangturo sa mga mag-aaral. Matutukoy ito sa pamamagitan ng bilang ng

mga materyal katulad ng kuwento o sanaysay na nakasulat o naisalin sa lengguwaheng iyon, kung nagawan na ito ng ortograpiya, pati na rin ang bilang ng mga gumagamit nito at ang bilang ng mga gurong handang magturo.

Kung tatanungin ang Komisyon sa Wikang Filipino, mayroong higit 170 na iba't ibang salita at diyalekto. "Opinyon ko, hindi naman gagawin ng kagawaran na suportahan namin 'yong 170 kasi masyado siyang marami. Maaaring kulang pa ang 19, ngunit labis-labis ang 170. Kailan nga ba natin maaaring sabihing katanggap-tanggap na ang bilang [ng dayalekto]? Naniniwala akong subhetibo ang sagot dito*," ayon kay Uy.

IMPLEMENTASYON

Anim na taon ang magiging tagal ng implementasyon ng programang K to 12 dahil taon-taon ang pagbabagong gagawin sa curriculum. Noong nakaraang taon, Grade 1 at 7 ang ipinakilala sa bagong curriculum at ngayong taon, Grade 2 at Grade 8 ang ipinakilala sa bagong sistema ng edukasyon. Sa bawat pagsisimula ng taon, dumadaan sa isang summer training ang mga guro.

"Ang hamon sa DepEd ay lagpas kalahating milyon ang bilang ng guro," ani Uy. "Kailangan talagang mag-training lahat at re-tool, re-train, reorient. Pero malaking halaga ang nakakabit dito, pero ginagawan naman natin ng paraan. Noong nakaraang taon, 140,000 na guro sa Grade 1 at Grade 7 ang sumailalim sa training. Gayundin ngayon taon para sa mga guro ng Grade 2 at Grade 8."

Para kay Uy, may iba't ibang problematikong aspetong tinitignan sa pagpapatupad nila ng programang MTB-MLE. "Una, kailangan mayroon kang sapat na learning resources. 'Yong learners' materials [na] maaaring activity sheets, workbook, storybook, dapat ang mga ito ay naisalin na sa mother tongue na ginagamit. [Mahalaga ito] dahil kung walang materyal, mahihirapan din silang matututo. Pangalawa naman, ang bilang at 'yong sapat na paghahanda ng mga gurong ituro 'yong mga learning area doon sa mother tongue na 'yon."

Ngunit ang kahirapa'y ang kakulangan mismo ng materyal na naisalin na sa mother tongue. "Kinukulang kami doon sa mga lokal na istorya, at importanteng bahagi iyon ng proseso ng intelekwalisasyon noong mother tongue."

Isang hamon din para sa Kagawaran ng Edukasyon ang pagpili ng gagamiting mother tongue sa isang partikular na lugar. Para kay Uy, may mga lugar katulad ng Maynila na itinuturing na melting pot dahil may mga komunidad na hindi naman nagsasalita sa wikang Tagalog. "Nagde-default pa rin tayo sa lingua franca ng lugar," pahayag niya.

Isang paliwanag dito ay ang naging kaso ng DepEd sa Zamboanga. Hindi ikinatuwa ni Celso Lobregat, alkalde ng Zamboanga City noong panahong iyon, ang hindi paggamit ng Chavacano bilang wika sa pagturo sa lugar na iyon. Dahil may mga komunidad doon ng mga Muslim na Maguindanaoan at Maranoan ang ginagamit nilang lengguwahe, at naging polisiya na ng kagawaran na magturo sa mga Madrasah gamit ang lengguwaheng naiintindihan nila, hinamon ni Lobregat ang DepEd kung bakit kailangang Chavacano ang dapat gamitin sa eskwelahan sa halip ang mga nabanggit na wika.

"You cannot alienate your local government," paliwanag ni Uy. "Bahagi ng layunin at tungkulin namin bilang DepEd na masiguro na iyong paaralan ay natutugunan iyong pangangailangan ng lokal na komunidad na bahagi ng lokal na gobyerno."

Isang maaaring lumabas na tanong ay ang "Paano kung Ingles ang mother tongue ng bata?" Sagot niya, "Marami talagang mga bata ngayon na 'yon ang unang wika* nila. 'Yong premise naman ng MTB-MLE ay ang gumamit ng wikang naiintindihan nung bata. Kaya kung Ingles ang unang wika nila, Ingles dapat ang gagamitin. Pareho na lamang sa kaso ng Fookien o Mandarin para sa mga Chinese schools. Ang mahalaga lang, may sapat na leaning resources at may mga guro na kayang magturo no'n."

Dagdag ni Uy sa mga hamon ng kagawaran, "Mabilis gumawa ng polisiya sa lebel na ito, pero kapag ibinaba mo na siya sa iba't ibang lugar doon mo makikita na hindi mo kayang isipin 'yong permutation. May mga [resulta] na lalabas lamang kapag sinimulan mo na 'yong programa."

EPEKTO NG PROGRAMA

Wala pang sapat o kongkretong datos ngayon upang matukoy kung nakatulong ba ang MTB-MLE sa pagtaas ng literacy rate ng mga mag-aaral, o ang pagbawas ng bilang mga estudyanteng bumabagsak taun-taon. "'Yong malawakang assessment para makita 'yong epekto ng programa [ay malalaman] sa susunod na taon," sabi niya. Iginiit ni Uy na bagaman maaari mong suriin ang pagbabago sa curriculum sa isang punto ngayon, hindi ito depinitibo dahil isang datos lamang ito at hindi ito sapat para tukuyin ang magiging resulta ng K to 12.

Sa susunod na taon, ang mga mag-aaral na tinuruan gamit ang mother tongue noong taong 2011-2012 ay ang pagkukunan ng datos para sa pagsasaliksik ng kagawaran. Makikita kung ano ang naging epekto ng programa sa partisipasyon at kagalingan ng mga mag-aaral matapos paghambingin ang grupo na dumaan sa programang MTB-MLE sa grupo ng mga mag-aaral bago maipatupad ang programa.

Sa kabila nito, maaaring maging problematiko pa rin ang makukuhang datos mula dito. "Ang mahirap kasi sa education research and assessment, it's a multi-variable, multi-factor thing. Maaari mong sabihin na 'yong polisiya sa ginamit na lengguwahe ang dahilan ng pagganda o pagbaba ng grado ng isang estudyante. Nandiyan ang teacher factor, factor ng curriculum mismo, imprastraktura, maging ang student factor."

KUNG KAILANGAN MATUTUTO NG ISANG MAG-AARAL NG BAGONG KONSEPTO O BAGAY, DAPAT MAGING INSTRUMENTO O HINDI MAGING HADLANG YUNG LENGGUWAHE.

ELVIN UY
KAGAWARAN NG EDUKASYON (DEPED)

KAPAG SINIMULANG ITURO MGA KURSO GAMIT ANG LOCAL DIALECT, IT EMPOWERS THAT LANGUAGE. NAGPAPALAKAS AT NAGPAPAYAMAN. NABIBIGYAN KAPANGYARIHAN ANG WIKA.

RICHARD DE GUZMAN
PAMANTASAN NG ATENEO DE MANILA

Pagkilatis sa polisiya sa hinaharap
'Di mawawala ang kritisismo sa polisiya ng MTB-MLE bilang nagtataguyod ng pagkawatak-watak ng nasyon dahil hindi panlahat ang ginagamit na pananalita. "Kung kailangang matuto ng isang mag-aaral ng bagong konsepto o bagay, dapat maging instrumento o hindi maging hadlang yung lengguwahe," sagot ni Uy rito.

Dagdag pa niya, magsisilbing pundasyon ang mother tongue upang mas maging matatas ang mga mag-aaral sa iba pang lengguwahe katulad ng Filipino at Ingles. Aniya, "Hindi naman isinasantabi ng MTB-MLE ang pagtuturo ng iba pang lengwahe. [Ingles at Filipino] pa rin ang opisyal na lengguwahe ng bansa. Kung ano ang natutunan mo sa pangunahing lengguwahe, maaari mo ring gamitin ito sa pagtuto ng iba pa."

SA KONTEKSTO NG ATENEO

Ayon naman kay Richard de Guzman, propesor ng Kagawaran ng Filipino sa Ateneo de Manila, tiyak na may malinaw na papel na ginagampanan ang klase ng wikang ginagamit.
"Halimbawa, ang wikang Ingles ay madalas na ginagamit pangdiskurso, kung gusto mo ipakita yung kaalaman o talino mo. Kapag dayalekto naman ang gamit, mas pang-araw-araw. Kapag kausap mo ay 'yong mas mababa sa'yo, mga ale sa tindahan, drayber. Sa palagay ko, problematiko iyon. Nagkakaroon ng tingin sa mas mataas ang Ingles kaysa Filipino. Ang palagay ko, problematiko 'yon kasi di naman dapat ganoon ang nangyayari. Kapag sinimulang ituro mga kurso gamit ang lokal na dayalekto, it empowers that language. Nagpapalakas at nagpapayaman. Nabibigyan kapangyarihan ang wika*," ayon kay de Guzman.

Bakit nga ba naglalaho ang tunay na diwa at halaga ng paggamit ng mother tongue? Bakit nga ba pinipili ng hindi lamang iilan ang wikang Ingles? Ayon kay de Guzman, unang-unang natututo ang bata kumilatas ng wika ng iba kaysa sa sarili nating bansa. May mga magulang na naniniwala sa mentalidad na, "turuan natin siya mag-Ingles kasi paglaki naman niyan, matututo na rin 'yan mag Bisaya," hanggang sa lumaki na ang bata na may ibang nakasanayang lengguwahe at hindi iyong galing sa lugar ng pinaggalingan o kinalakihan.
Dagdag pa niya, masyado nang nabighani ang mga Filipino sa cable TV kung saan halos lahat ng channel ay Ingles ang ginagamit. Ito'y lalo na kapag mga bata ang nanunuod sapagkat nakatatak na sa kanilang isipan ang mga anekdota at pamamaraan ng pananalita ng mga tauhan sa kanilang mga paboritong palabas, na umaabot sa puntong ito na ang kanilang nakasanayan at ang mas komportableng gamitin para sa kanila.

Nang itanong naman ang kanyang opinyon tungkol sa kahandaan ng mga mag-aaral na matuto gamit ang kanilang mother tongue, naniniwala si de Guzman na depende naman daw iyon sa kanilang kakayahan. "Sa palagay ko hindi pa rin handa ang mga estudyanteng Filipino. Kahit dito nalang sa Ateneo. Kapag nagtuturo ako, hirap na hirap talaga sila tumawid. Malaking bahagi ng mga Atenista ang nagsasabi na Ingles ang una nilang wika. Kaya kapag nagbibigay ako ng oryentasyon, lagi kong sinasabi na hindi ito kurso ng wika."

Nagbigay ng ilang tagpo si de Guzman tungkol sa kahandaan ng Atenista sa ganitong sistema. "Hindi pa kaya ng maraming Atenista. Malaking porsyento ng Atenista ang may sapat na kakayahan na ilahad ang lahat ng gustong sabihin. 'You teach Filipino? Can you teach my son or daughter?' Hirap na hirap sa Filipino. 'Sir, can I transfer to Fil 10?' 'Where were you born?' 'Philippines.' 'Where did you study?' Philippines.'"

Ano ang mga dapat gawin ng administrasyon ng Ateneo upang masolusyonan ito? Ayon kay de Guzman, "Dapat ACET pa lang, may Filipino na. Nang magkaalaman na kaagad umpisa pa lang kung sino na ang may sapat na kaalaman at kakayahan sumabay sa asignaturang Filipino ng Ateneo," aniya.

Handa na nga ba ang bansa para sa ganitong klase ng edukasyon? Nang tanungin kung sa tingin ba niya'y may sapat na kagamitan at kaalaman na ang Pilipinas para sa ganitong pagbabago sa sistema ng pagtuturo, sabi ni de Guzman, "Hindi pa, pero hindi iyon balakid para 'di pa ito simulan. Kasi kung 'di pa natin gagawin ngayon, kailan pa? Mabuti nang magkamali hangga't maaga pa."

MAHABA PA ANG LALAKBAYANING TUWID NA DAAN

Sa pagkukumpara ng sistema ng edukasyon ng ating bansa at ng sa Ateneo, mapapansin na wika ang nagbubuklod dito. Nanatiling instrumento ang wika para sa kapangyarihan at karunungan.

Marami sa ating katabing bansa ang may polisiya sa mother tongue bilang pangturo, ngunit kakaunti lamang ang nagtuturo ng mother tongue bilang isang hiwalay na asignatura. Maganda itong pagtuunan ng pansin dahil pambihira ang ginagawang pagsisikap ng Kagawaran ng Edukasyon upang maingat ang kalidad ng sistema. Sa ngayon, masasabing nagsisimula pa lamang ang programang K to 12 at ang MTB-MLE. Marami nang nagawang pagbabago ang administrasyon sa edukasyon ng bansa, mula sa pagpapagawa o pagkukumpuni ng mga imprastraktura hanggang sa curriculum na itinuturo.

Malayo pa ang lalakbayin ngunit nasa tama na itong landas patungo doon. Sa paggamit ng mother tongue sa pagpapabuti ng kagalingan ng isang estudyante, makatulong sana ito hindi lamang sa kanyang aralin, kundi na rin mahubog ang karakter ng indibidwal at maging buo ang diwa natin.

*isinalin mula sa Ingles.

ang likas na pagbabago: tungo sa ecoturismo

nina Joff Bantayan at Francis Manuel; sining ni Khalil Redoble; lapat ni Bianca Espinosa

Hindi mapagkakaila ang angking ganda ng Filipinas – ito ang bentahe sa larangan ng turismo ng ating bayan. Maraming pambansang suliranin ang maaari nitong masolusyunan tulad ng kakulangan sa trabaho, buwis na magagamit bilang pondo para sa serbisyong pampubliko, at pagkilala ng ibang bansa sa Filipinas kung higit itong pagtutuunan ng pansin.

Malaki ang potensiyal ng sektor na ito upang tulungan hindi lamang ang pamahalaan kundi ang mas nakararami pang Pilipino na nakasalikop ang buhay sa likas na yaman ng bansa. Ito marahil ang dahilan kung bakit naging mainit ang usaping tungkol sa mga pagbabagong ginawa sa Department of Tourism (DOT) nang mahalal si PNoy. Ayon sa mga datos ng DOT, 11.06 porsyento o mahigit 200,000 ang itinaas ng dami ng turista na bumisita sa Pilipinas sa loob lamang ng unang anim na buwan ngayong taon kung ikukumpara sa taong 2012. Sa ngayon, tuloy tuloy pa rin ang pag-akyat ng mga nasabing datos na kasalukuyang umabot na sa mahigit 2.3 milyon magmula Enero hanggang Hunyo ngayong taon at tinatayang aabot pa ng higit sa inaasahan sa pagtatapos ng 2013.

Malaki ang naiaambag ng pagtangkilik ng mga turista sa Pilipinas sa ekonomiya kaya tutok ang gobyerno sa pagpapabuti ng turismo sa bansa. Ngunit, sa kabila ng maigting na pagpapaunlad ng turismo ng bansa, tanging mga benepisyo lamang ba ang mapupulot sa turimo? May mga nakakubli kayang suliranin ang polisiyang ito na nakakaligtaan o naisasawalang-bahala ng pamahalaan?

KAKAWING NA SULIRANIN

Nagsisilbing paraan ang turismo upang maipagmalaki ng bansa ang mga yamang meron ito – mapa likas o artpisyal na atraksiyon. Nakahihikayat ito sa mga dayuhan na maglibang at muling bumalik dito sa bansa. Paraan din upang mamuhunan ang turismo, ngunit matapos masdan at pagkakitaan ang mga yamang naririto, tila hindi naisasakatuparan ang tungkuling pangalagaan ang mga ito.

Madalas, pang-aabuso at pananamantala ng mga korporasyon at iba pang namumuhunan dito ang kinahahantungan ng mga yamang likas at artipisyal. Isang halimbawa ang

mga kompanyang ito ang pagpapatanim ng bagong binhi kapalit ng mga naputol na punongkahoy. Hindi lamang ang patuloy na paglaki ng populasyon ang sumisira sa likas na yaman ng bansa. Mas malaki ang nagagawang sira ng mga kompanyang kita lamang ang pinapahalagahan. Nilalamon na ng polusyon at basura ang mga dalampasigan ng Filipinas. Nakokompromiso ang mga likas na yaman kapalit ng pagpapatayo ng mga imprastraktura at establisyimentong para sa mga darayo. Gawa din sa mga nanganganib na likas-yaman o mapanirang materyales ang mga souvenir na binibili ng mga turista. Higit na malaki ang epekto ng mga ito sa mga taong naninirahan sa mga tourism spot na ito. Hindi na bago sa atin ang maakatunghay ng mga pinapalayas na mga katutubo o komunidad sa kanilang mga ancestral domain dahil sinamsam na ng mga mapang-abusong kompanya ang kanilang mga lupa bilang mga bagong resort o pasyalan. Nabubura na rin hindi lamang ang kanilang mga lupain kundi ang kanilang kultura. Dumarami rin ang mga suliraning kinakaharap ng kalikasan sa kabila ng pag-unlad na tinatamasa natin sa turismo.

PAGBABAGONG BIHIS

Paano nga ba malulutas ang mga problemang kalakip ng turismo sa bansa? Nagkaroon ng pagpupulong ang United Nations noong 1992 tungkol sa sustainable development. Nilalayon ng pagpupulong ito na masolusyunan ang dagok ng pangangailangan ng kasalukuyang henerasyon nang hindi nilalagay sa alanganin ang abilidad ng susunod na henerasyon na matugunanan ang kanilang sariling pangangailangan. Inilatag ang Tourism Master Plan (TMP) para sa Pilipinas ng DOT, United Nations Development Program, at World Tourism Organization, alinsunod sa sustainable development na isinulong ng UN. Nagsilbing sagot ang TMP hindi lamang sa mga suliraning pangkalikasan ng bansa kundi isang pangmatagalang benepisyo rin sa kabuhayan at turismo. Bibihisan ng mas holistiko at mapag-alagang mukha ang turismo sa ngalan ng ecotourismo.

Inilalarawan ni Hector Ceballos-Lascurain ang ecotourismo bilang paglalakbay sa mga hindi pa nagagambalang bahagi ng kalikasan. Makatutulong ito sa pag-aral sa mga tanawin, likas na yaman, at kultura ng nasabing lugar. Lalong pinalawak ng Ecotourism Society ang kahulugan nito sa pamamagitan ng pagbibigay diin sa resposibilidad ng mga turista ng ecotourism na mapabuti ang kapakanan ng mga naninirahan sa mga lugar na kanilang bibisitahin. Itinuturing na pinakamakikinabang sa ecotourismo ang mga katutubong naninirahan sa lugar, ang kalagayan ng kalikasan, ang pamahalaan, at mga turista.

NAPABAYAANG PARAISO

Ilang taon na ang nakararaan, kinilala ang Boracay bilang isa sa mga pinakapinangangalagaang ecotourism spot sa bansa. Kung bibisitahin ang Boracay ngayon, masasabing ang kondisyon nito sa kasalukuyan ay hindi na sumasalamin sa pagkilalang natanggap nito noon. Ayon sa pag-aaral, unang nadiskubre ang isla ng Boracay noong 1968 ng mga banyagang nais makahanap ng lugar para na pagkukunan sa kanilang pelikula. Naging bukas ang lokal na pamahalaan na maging bagong paglalagakan ng puhunan ng mga banyaga sa bansa kaya sumikat ang turismo doon.



Malaki ang suliranin ng mga namamahala at naninirahan sa Boracay tungkol sistematikong pagbubuklod ng basura, pagkasira ng bakawan na tinitirhan ng maliliit na isda, at pagkaubos ng iba't ibang mga uri ng hayop at halaman na matatagpuan sa isla. Nagkaroon na rin ng mga pag-uulat at mga niasulat na artikulong marumi na ang tubig sa dalampasigan ito. Nababalot rin ng noise pollution ang isla dahil sa dami ng tao at mga gusali ng aliwan. Patuloy pa rin ang pagdami ng mga turista sa isla sa kabila ng mga dagok na ito.

Sa Kabisayaan din makikita ang Olango Wildlife Sanctuary na matatagpuan sa Cebu. Ipinagmamalaki ang iba't ibang uri ng ibong makikita rito. Pinapatunayan ng mga ibong ito ang natural na estado ng lugar, hindi pa nasisira ng polusyon o mga gawain at establisimyentong pinagkakakitaan ng tao. Sa kasalukuyan, kasali ang Olango Wildlife Sanctuary sa listahan ng ecoturismo sa Pilipinas ayon sa website ng Clearing House Mechanism (CHM). Malaki ang ipinagkaiba ng Olango Wildlife Park bilang isang ecotourism spot sa Boracay dahil nagawa pa rin nitong alagaan ang kalikasan bagamat dinarayo rin ito ng mga turista.

Hindi lamang mga pook sa Kabisayaan ang nanganganib na tuluyang masira dulot ng pag-usbong ng samu`t saring mga masasamang epekto ng urbanisasyon. Isa rin sa mga tanyag na pook-pasyalang nakararanas ng matinding polusyon ang Baguio City, kilala bilang Summer Capital ng bansa. Maliban sa Boracay, isa rin ang Baguio sa mga pook-pasyalang malakas ang hatak sa mga turista dahil sa natural na malamig nitong klima hinahanap-hanap lalo na tuwing panahon ng tag-init. Ngunit mapapansing sa paglipas ng panahon ay unti-unti nang pinapalitan ng polusyon sa hangin ang preskong simoy ng mga kabundukan at kagubatang bumabalot dito.

Naging saksi sa pagbabagong ito si Gng. Catherine Lee-Ramos, isang propesor ng Science 10 sa Pamantasang Ateneo de Manila, at mananaliksik ng mga isyung pangkalikasan, sa kanyang paninirahan sa Baguio noong 1970s. Ayon sa eksperto, ibang iba ang Baguio noon kung ikukumpara sa kasalukuyan. Halimbawa na lamang ang Mines View Park na kung dati ay napakalinis ngunit ngayon ay bubungad sa iyo ang mga dumi ng hayop at tao, mga plastic bottles at basura na tinapon lamang sa mga bangin at gilid-gilid. Dagdag pa niya, kung dati paggising mo sa umaga ay halimuyak ng pine trees ang maaamoy mo, ngayon, usok na ng mga tambutso ang babati sa iyo.

Dalawa lamang ang Boracay at Baguio sa napakaraming mga pook-pasyalang nasa bingit ng pagkasira sa kabila ng patuloy na pagdagsa ng mga turista rito. At kung hindi ito bibigyan ng nararapat na aksyon, maaaring humantong ang mga ito sa tuluyang pagkasira kasabay ng biglaang paglagapak ng idustriya ng turismo sa ating bansa.

BAGUHIN ANG PANINGIN

Papalago pa lamang ang industriya ng ecotourism sa Pilipinas. Nangangailangan pa ito ng higit na tuon at pagtataguyod ng pamahalaan. Tunay na makabubuti sa kalikasan ang ecoturismo ngunit malabo pa rin ang tunay na hangarin ng pamahalaan sa pagsusulong ng ecoturismo. Ito ba ay para sa ikabubuti ng kalikasan or para sa kikitain ng pamahalaan?

Hindi maitatanggi na negosyo pa rin ang ecoturismo at isang bagong pagkukunan ng pondo para sa bansa. Sa katunayan, ang kita mula sa turismo ngayong taon ay kasalukuyang kumakatawan sa 6.2 porsyento ng ating Gross Domestic Product o GDP, ang isa sa mga mahahalagang batayang pang-ekonomiko ng alinmang bansa. Dagdag pa dito ang mahigit kumulang apat na milyong trabaho na naiaambag ng sektor na ito at ng transportasyon ngayong taon. Hindi maitatangging maraming mamamayan lalo na ang mga lokal na naninirahan sa mga lugar ang umaasa sa industriyang ito. Ngunit, mahirap na bigyang pantay na pansin ang negosyo at ang kalikasan. Dapat kumita ng higit sa puhunan ang isang negosyo upang magtagal at mapakinabangan ng mga taong namuhunan dito. May iilang mga kompanya o grupo ng mga namumuhunan na hindi talaga binibigyang halaga ang kalagayan ng kalikasan at ng mga lokal na nakatira sa ecotourism spot. Nakakalimutan na ng ilang negosyante na dapat higit na pagtuunan ng pansin ang pangangalaga sa kalikasan at sa mga tao nakasandig sa kaliksang ito.

Mahalaga ring mapanatili ang tunay na layunin ng ecoturismo upang maging matagumpay ito. Ayon kay Gng. Abigail Favis, isang eksperto sa larangan ng Environmental Science, ang ecotourism ay naglalayong magtaguyod ng wildlife conservation at indigenous culture appreciation. Mahalagang mapanatili hindi lamang ang mga halaman at hayop na bumibida sa mga tanyag nating ecotourism sites kundi pati na rin ang mga katutubong kulktura na nananahan dito ilang daan-taon nang lumipas. Sa gayong paraan mas maaalagaan ang mga ecotourism sites upang hindi tuluyang masira sanhi ng pananamantala ng mga naglalakihang industriya. Dagdag pa niya, hindi lahat ng lugar na may likas na yaman at may katutubong komunidad ay dapat maging ecotourism sites sapagkat hindi lahat ay kayang makisabay sa mga pagbabagong nais ipatupad rito. Marapat lamang na suriin muna kung ang isang isla o lugar ba ay kayang tumanggap ng malalaking mga pagbabago nang hindi naisasawalambahala ang likas nitong kagandahan bago tuluyang buksan sa mga turista. Maliban dito, huwag din sanang malimutan na ang ecoturismo ay nakaayon sa isinusulong na sustainable development ng United Nations, na siyang pinaniniwalaang sasagip sa ating mundong unti-unting sinisira ng polusyon at kawalan ng pangangalaga sa kalikasan.

MAGKAIBANG LAYUNIN

Dalawang punto de bista ang makikita sa usapin ng ecoturismo sa bansa: sa panig ng pamahalaan, isang diumano'y pagsulong ng turismo sa pamamagitan ng paghikayat sa mga taong dayuhin at gawing puhunan ang mga magagandang tanawin dito; alinsunod naman sa itinakdang layunin ng UN at mga dalubhasa sa kalikasan, pagpapanatili sa mga natural na yamang siya rin namang nakaaakit sa mga dumadayo rito. Sa ngayon, malinaw na nauuna ang pamumuhunan kaysa pangangalaga sa kalikasan.

Dalawang magkaibang layunin, ngunit pareho namang nagnanais ng pag-unlad sa turismo. Ang lugar na dinarayo at dapat na pinangangalagaan upang mahikayat na dumayo ang mga taga-ibang bansa ang siya ring nasisira upang makapamuhunan ang mga nagnanais na kumita. Kailangan nga bang may makompromiso para matugunan ang dalawang layuning ito? Posible bang walang madehado sa pagpapaunlad ng turismo? Atenista, ano sa tingin mo? ɱ



Project NOAH

ULAT NI JC PERALTA; SINING NI DYAN FRANCISCO

ANO

Bilang tugon sa pangangailangan ng mabisang sistema sa paghahatid-babala laban sa malalakas na pag-ulan dulot ng bagyo o panahunang-hangin, inilunsad ng pamahalaan sa pamumuno ng DOST-PAGASA ang Project NOAH(National Operational Assessment of Hazards) noong 2012. Layunin nitng magbigay ng babala sa pagbaha sa loob ng anim(6) na oras at makabuo ng maaasahang geo-hazard vulnerability maps. Inilalahad sa ibaba ang mga mahahalagang features ng kanilang website.

OVERVIEW

Laman ng Tab:
Mga layer ng biswalisasyon ng awtput ng MTSAT (Multi-Transport Satellite) na nagbibigay ng saklaw ng kaulapan ng isang lugar.
Percent Chance og Rain ng isang lugar mula sa arawang taya ng PAGASA.

WEATHER STATIONS

Laman nito ang mga biswalisasyon ng mga weather parameters sa 22 weather stations, at mga datos mula sa 12 na stream gauges, 17 na rain gauges at 78 na tide level sensors na nakakalat sa buong bansa.

DOPPLER RADAR

Instrumentong sumusukat real-time sa dami ng ulan na naihahatid sa loob ng isang radius.

WEATHER OUTLOOK

Laman ng Tab:
Biswalisasyon ng Rainfall forecast o taysa ng pag-ulan. Narito in ang Probability of Rain layer na magbibigay ng tinatayang ulan na maaaring bubuhos sa ilang mga munisipalidad at lungsod sa buong bansa.

FLOOD MAP

Mapa na tumutukoy sa mga lugar na humaharap sa panganib ng baha sa ibat ibang saklaw-taon (5,10,25,50, at 100 taon).

TWITTER PANE

Gumagamit ng twitter ang PAGASA upang ipaalam sa publiko ang lagay ng panahon sa ilang bahagi ng bansa. Real-time na lumalabas mula

http://noah.dost.gov.ph/








Pamahiin

ni Jonnel Inojosa
sining ni Bianca Espinosa

Masdan mo kung papaano tayo
Patuloy na itinatanikala
Ng mga paniniwalang ipinamana
Mula sa higit na nakatataas.

Inuuring malaking pribilehiyo
Ang bawat masimot na latak
Ng pinagsumikapan
Pagsapit ng bawat gabi.

Ang bawat tabi po
Sa mga mas makapangyarihan
Senyas ng respeto sa ting
Kinagisnan nang lipunan.

Wala umanong mawawala
Sa patuloy na pagsang-ayon
Sa paniniwalang mayroon
Nang sinusundang pamunuan.

Ngunit pasasaan ang pagkapa
Sa dilim ng mga salitang
Sinusundan mula sa mga bibig
Ng nagdidikta lamang?

Saan napupunta, mahahabang
oras,
Ginugugol sa opisina o paaralan
Sa bawat pagbangon at paglubog
Kasabay ng haring araw?

Paano lumisan sa katawan
Ang babala ng sikmurang
Kinakailangang lamnan,
Pitukang sasahuran?

Maaari mang naitanin ang
pinaniniwalaan
Sa mga haligi ng tanggap nang
katotohanan,
Mananaig pa rin at
mararamdaman,
Kakapusan ng niyayari nating mga
sandigan.

KALYE HILO

ni Alexander Dungca

Isang yapak lamang mula
sa payak mong kinagisnan
ang gugulin sa'yong pagluwas.
"Madapa ka sana!"

Ang kasabikan mong umusad
ay uuhawin ng tambak ng putik
na hahawi rin sa'yong pag-asa.
"Wala kang mararating!"

Paroon at parito
ang sari-saring sasakyang
lalaktaw sa'yong aninon.
"Pasagasa ka na lang!"

Pero, may kabilang mukha
ang mapagbalat-kayong landas
na susubok sa'yong paninindigan.
"Asa ka pa!"

Kalye hilo,
Kolehiyo


Sentimyento ng Isang Intelektuwal

ni Noel Clemente

Parati kong inaalam ang nilalaman ng aking puso.
Parating tinuturo sa sarili ang tama at mali,
kung ano'ng dapat at hindi. Sinusukat ko
ang s·kit, tinitimbang ang itinatangis
na luha -- kung sakaling lumabis, pipigilan ko
ang pagdaloy ng aking dugo, nang tumigil sa
pagtibok ang puso. Mahihirapan akong huminga
pero mababa naman kasi ang probabilidad
na ako'y lumigaya. Umaasa ako sa siyensiya
at matematika. Ilang ulit ko na ring natantiya na wala
akong pag-asa. Gaano man kalakas ang balani
na humihila sa 'kin, di ko pinipiling manatili.
Nakatatakot. Baka patay na bituin iyon. Ayokong
masaklaw ng pumanaw na tanglaw. Ayoko ring
maging b·ga ng isang tal‡, nakapapasÚ.
Pipiliin ko na lang na lumutang sa kawalan
hangga't hindi ako siyento porsiyentong sigurado
na hindi mabibigo itong aking puso.



SONA TODAY!?
Tae" dude, it's like, midterms again. Hassle!
WATCH : SONA 2013 midterms nanaman ni P. NOY!
HIP
STER
Calm Yo Twigs. YOLO na yan! may FINALS pa naman eh.


TENISTA'NGA!
Benigno Aquino13
@PNoy
SONA yet again... time to meet my bosses
#midtermsAngPeg
8:06AM 22JUL 13
Replies
#YOLOnaYAN
#mayfinalsPa
Reply to @P.Noy
Dagdagan ko pa sana ng isa pa na hashtag... #cramCulture



Mr. Louis Eugenio

Greetings with a Song





http://matanglawin-ateneo.org/
fwww.facebook.com/MatanglawinAteneo
@MatanglawinADMU

UNITED STATES OF AMERICA: Air Mail

